

PAGSASAAYOS NG IGLESYA



Heto, papaano ba ang on—ang on nito? Sige, uh-huh . . . ? . . . [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] Handa ka lang diyan habang nakapatay ito. Pagkatapos, kapag, isinenyas ko ang ulo ko sa iyo, nang *paganito*. Nakita mo? Nakita mo? Yung aking, kapag isinenyas ko na 'yung ulo ko sa iyo. Iyong . . . [May nagsasabi, “Kailan mo gustong i-on ko ito?” May isa pang nagsasabi, “Ang sabi niya, ‘I-on mo na.’”]

Mga kapatid, ipinatawag natin ang pagtitipon na ito rito sa gabing ito para sa layunin na magkaroon ng kaalaman tungkol sa kung paano ba pangasiwaan ang Iglesya ng buhay ng Diyos, na, naniniwala tayong kabahagi tayo sa Iglesyang ito.

² Nais kong, unang-una sa lahat, nais ko pong sabihin na sa aking mga paglalakbay sa buong mundo, sa abot ng nalalaman ko, ay ito po ang isa sa pinaka espirituwal na lugar kung saan mararamdaman mo ang Espiritu ng Diyos ng higit sa alinmang lugar na nalalaman ko. May dalawa pang ibang lugar na nasa isip ko na dating ganoon, pero mangyari ngang di na natin—di na natin nakukumusta ang mga lugar na ito; 'yung isa kasi'y napunta na sa organisasyon, at 'yung isa naman ay—ay parang bumagsak na.

³ Kaya tinawagan ako kahapon at haya't—haya't nabanggit sa akin na lahat pala kayo'y nagnanais ng pagtitipon para ako nga'y matanong n'yo ng ilang mga katanungan patungkol sa mga tungkulin n'yo rito sa iglesyang ito, at ako . . . 'yan po ang dahilan ng aking pagparito sa gabing ito, ang . . . at ang—ang mailagay sa ayos ang iglesya, o makapagbigay sa inyo ng mga bagay na sa palagay ko ay—ay mahalaga para ang iglesyang ito ay magpatuloy.

⁴ Mga kapatid, alam ko namang nalalaman n'yo na ito, gaya ng nabanggit ko kanina na ang lugar na ito'y isang espirituwal na lugar. Wala nga ito sa pagiging pinaka malaking lugar sa buong mundo, at wala rin ito sa kung nasa atin ba ang pinaka maraming pag-aawitan, pinaka maraming hiyawan, at pinaka maraming sigawan, o pinaka marami mang pagsasalita sa iba't ibang wika, at mga bagay-bagay, haya't wala rian, bagkus ay nasa kalidad ng Espiritu na gumagana rito sa tabernakulong ito. At, dahil diyan, gusto kong parangalan at pasalamat si Kapatid na Neville, at—at kayo na mga kapatirang narito, mga katiwala, at mga diyakono, at ang nangangasiwa ng Sunday school, at ang lahat, para sa—para sa anumang bagay na inyong naiambag para makatulong na mapanatili ito nang ganito. Ito'y matagal ko na talagang ipinapanalangin, at sadya ngang mithi

ko na mula nung bata pa ako, na makita ang iglesya na ito'y mailagay sa kaayusan at mapanatili sa ayos.

⁵ Ngayon, noong maihandog natin ang iglesya, nabanggit ko sa inyo, "Kaunti pang panahon ay may bagay akong isasaysay sa inyo tungkol sa kung paano ba mailalagay ang mga bagay-bagay sa kaayusan, sa kung paano ba dapat ito pangasiwaan." At kayo nga'y nagpasimula na . . . nung makausad na mula rito, tayo nga'y nagkaroon ng mga ministro't iba-iba pa. Pero heto ngayon, si Kapatid na Neville na gaya ng iba sa atin na batang-bata pa, siya nga'y naging kasamahan natin, naisip ko nga na mainam para kay Kapatid na Neville na siya'y mailagak nang may katatagan sa Pananampalataya bago ko ipahayag ang mga bagay na ito na aking sasaysayin ngayon. Mangyaring ngayon, matapos na makita kong siya'y talagang matatag na nakalagak mismo sa Pananampalataya, at nauunawaan kung ano ba ang Turo't Aral, at—at gumaganap sa bahagi ng pagiging tapat na saksi ni Cristo at pinanghahawakan ang sinasampalatayanan nating bagay na Katotohanan, sa palagay ko'y ito na ang oras ngayon, ito na ang pinaka mainam na panahon, na dalhin sa kanya . . . at maging sa inyo na mga nakatatanda sa iglesya at sa iba pa na narito sa iglesya, na makuha n'yo ang mga pagsasayaos na ito at tandaan ang mga ito, haya't ito po'y sa abot ng mainam kong pagkaunawa sa harap ng Diyos. At pagkatapos ay umaasa ako na inyong gagampanan ang mga bagay na ito sa paraan ng pagkakasabi ko sa mga ito, dahil kinakailangan din naman talaga na may isang tagapangulo rito. Kinakailangan n'yo ngang . . .

⁶ Ngayon, hindi po ako nang-aagaw ng kapangyarihan dito o kung anong gaya nun, pero, kita n'yo, ang isang tao kasi o ano mang bagay na may dalawang ulo, di nito—di nito alam kung saan ba ang usad niya. Ang Diyos nga'y di naglagay ng dalawang ulo sa Kanyang Iglesya, di Niya 'yan ginawa kahit kailan, isang ulo lamang talaga. Siya nga'y nakikipag-ugnay sa bawat salinlahi kagaya ng napag-aralan natin sa Mga Kasulatan, na may isang indibiduwal lang talaga na kinauugnay Niya. Dahil kung dalawang tao 'yan na mayroon kayo, dalawang opinyon 'yan na makukuha n'yo. At mangyaring kinakailangan talagang tumugaygay sa isa't sukdulang pinagsasaligan, at ang pinaka saligan ko ay ang Salita, ang Biblia. At bilang isa pong pastor dito ng iglesya, ang pinaka saligan ko ay ang Salita, at gusto kong . . . Alam ko na kayo, na mga kapatiran natin, kayo nga'y tumitingala sa akin bilang inyong pinaka saligan sa anumang bagay . . . haya't basta tumutulad ako sa Diyos gaya ng sinabi ni Pablo sa Kasulatan, "Tumulad kayo sa akin, gaya ko naman na tumutulad kay Cristo."

⁷ At kaya naman inaasahan ko kayo mga kapatid, na sa kahit ano pang oras 'yan na makita n'yong lumilihis ako palayo mula sa Kasulatang ito, lumapit lang kayo sa akin nang sarilinan at

sabihin sa akin kung saan ba ako nagkamali. Di ko titingnan kung kayo ma'y katiwala o ang. . .o kayo ma'y tagalinis, sino man kayo, tungkulin n'yo po 'yan sa akin, bilang isang kapatid kay Cristo, na sabihin sa akin kung saan ako nagkamali base sa Kasulatan. Kung 'yan nama'y katanungan, sige't upuan natin at resolbahin natin 'yan, nang magkasama.

⁸ At 'yan po ang dahilan ng pagpunta n'yo, sa palagay ko, sa akin ngayong gabi, na pinapunta n'yo ako rito, at dahil may mga katanungan dito na marahil tinatanong n'yo sa isipan n'yo tungkol sa mga bagay na aking—aking ipinarito. Ngayon hayan nga, mga kapatid, di ko malalaman. . . wala pong nakapirmang mga pangalan sa mga maliliit na papel na ito rito, pero. . .at gayong sulat-kamay po, haya't di ko pa rin. . . di ko makikilala kung sino ang nagsulat ng mga ito, pero ito'y mga katanungan na nandiyan sa isipan n'yo, at naparito po ako para sagutin ang mga ito sa abot ng nalalaman ko.

⁹ At alalahanin n'yo, ang Diyos ay nakaantabay sa akin para siguraduhin na ako'y mananatili mismo sa Salita. At ako man ay nakaantabay rin sa inyo para masigurado ko na tutuparin n'yo ang mismong Salita, kita n'yo, kita n'yo, dito sa iglesyang ito. Na mapantili itong espirituwal, dahil, alalahanin n'yo, ang buong puwersa ng—ng madilim na kaharian ni Satanas ay babaling at babaling laban sa inyo habang unti-unti kayong lumalago sa Panginoon. At kinakailangan n'yong maging mga ganap na sundalo talaga, hindi mga bagito. Sa ngayon ay ganap na mga sundalo na dapat kayo, at talagang sinanay nang husto para makipagbaka. At si Satanas nga'y magpupunta riyang gitna n'yo, magdudulot na kayo'y magaway-away sa isa't isa sa abot ng makakaya niya. Supilin n'yo siya agad-agad; kayo po'y mga magkakapatid; at ang kaaway 'yan. At naparito tayo para mapanatili nating nakataas ang bandera sa panahon na ito ng panggabing Liwanag, na, kapag ang sanlibutan ay nagdilim na nang husto't ang buong iglesyang kaharian ay patungo na sa Konseho ng mga Iglesya. At nalalapit na 'yan na magpapako na sila ng karatula sa may pintuan dito, "Sarado!" At pagkatapos tayo nga'y mapipilitang magtipon sa ibang lugar na lang, dahil tiyak po 'yan na ipapasara nila ang mga kaiglesyahan isa sa mga araw na ito kung di natin tatanggapin ang tanda ng hayop. At tayo'y nakasalig lamang na makapanatiling tapat sa Diyos hanggang sa palayain tayo ng kamatayan, at 'yan po talaga ang sinisikap nating gawin.

¹⁰ Ngayon sige't dumiretso na po tayo. . . At hinihiling ko, na kung dumating ang panahon na alinman sa mga bagay na ito ang matanong uli, haya't ang teyp pong ito'y maparinig nawa sa harap ng mga miyembro ng iglesya, kita n'yo, sa inyong mga pagtitipon, o bago mismo ang pagtitipon, bago magsimula ang pagtitipon. Isalang n'yo ang teyp na ito at iparinig! At nawa ang kongregasyon dito'y maunawaan nila mismo na ang mga

kalalaking ito’y may obligasyon sa Diyos, bilang panata nila sa iglesyang ito, na makipagtulungan na mapanatili ang mga panuntunang ito. May mga pagkakataon na di kayo sang-ayon sa mga ito; at kung makikita ko kayo na gagawin n’yo kung ano man ’yan, haya’t di po ako sasang-ayon sa inyo. Kinakailangan kasi natin ng isa talagang pinagkukunang dako na ang dako na ’yun ay siya talagang pinaka batayan. At sa abot ng mainam kong nalalaman, nararapat lamang na maipasakop ko ito sa ilalim ng Espiritu Santo, na Siya ang maging pinaka Batayan ko. At ang teyp na ito’y maging pinaka batayan n’yo patungkol sa mga katanungang ito.

Ngayon, ang una po:

220. Paano ba ang dapat gawing pagkilos ng iglesya patungkol sa pinansyal na pagtulong sa . . . ukol sa pagkain at damit? Ano ang—ano ang dapat na kilos, ano ba—ano ba ang dapat gawin ng iglesya?

¹¹ Ngayon alam natin na responsibilidad ng iglesya ang mga miyembro niya, na sa mga miyembro natin dito sa iglesya, may buong responsibilidad tayo basta’t may pangangailangan na dapat talagang matugunan. May responsibilidad tayo para sa mga miyembro natin, na, mga regular, na mga pirming mga miyembro ng tabernakulo na mga dumadalo rito’t sumasamba kasama natin. May obligasyon tayo sa kanila, bilang ating mga kapatid na lalaki’t kapatid na babae na subok naman nang mga miyembro ng pagtitipong ito.

¹² Ngayon, di po lihim sa atin na milyon-milyon sa gabing ito ang walang makain, walang maidamit, at gustung-gusto nating matulungan silang lahat, na magawa natin ang lahat ng kaya nating gawin; pero sa usaping pinansyal ay di natin ito kayang gawin, di natin kayang suportahan ang buong mundo. Pero sa mga miyembro natin tayo nga’y may obligasyon para sa kanila. At iniisip ko, sa bagay na ’yan, ay hayan nga’t kung may labis pa tayo na gusto n’yong maitulong sa iba na di kasapi rito sa iglesya, may kaunti pa na gusto n’yong maibigay sa kanila, ito po’y kinakailangan na pagpulongan ng lupon ng mga diyakono.

¹³ Mga diyakono po ang kinakailangan na—na humarap sa balakid na ito, o sa problema pong ito, ang ibig kong sabihin; dahil dun sa Biblia noong ang gusot na ito tungkol sa pagkain at maidadamit, at iba pa, doon sa may Aklat ng Mga Gawa, sila nga’y sumangguni sa mga alagad patungkol dito, at ang sabi ng mga alagad, “Pumunta kayo at humanap para sa inyong mga sarili ng pitong lalaki na may mabuting pagkatao, at puspos ng Espiritu Santo para sila ang mag-asikaso sa mga bagay na ito. Dahil iuukol naman namin ang aming mga sarili nang tuluy-tuloy sa Salita ng Diyos at sa pananalangin.”

¹⁴ At kaya hindi po tungkulin ng pastor na siya pa ang mag-aasikaso . . . ng mga pagkain at iba pa. Dapat mga diyakono na

ang bahala rito. Hindi rin ang mga katiwala, ang opisina po ng mga diyakono ang bahala rito. At mangyari rin na dapat sana'y ganito. . . Alalahanin n'yo sa Biblia, sila-sila ay nakiki-ambag para sa kalipunan nila, 'yung mga Griyego at 'yung—at 'yung mga Judio, nagkaroon sila noon ng pagtatalo dahil may ilang mga tao na mas marami raw ang nakukuhang tulong kaysa dun sa iba, pero sa kabila n'yan 'yung mga tao dun ay kanila ngang ipinagbili ang lahat ng kanilang mga ari-arian mismo at 'yung napagbilhan nun ay ibinigay nila sa iglesya bilang tulong, at pagkatapos ay 'yun—'yun ang hinati-hati sa pagitan nila nang pantay-pantay. At doon nga'y nagkaroon ng kaunting gusot, at doon nga tayo nagkaroon ng ating unang mga diyakono. At isa lang po 'yan sa mga tungkulin nila, ang gawin po 'yan.

¹⁵ Iniisip ko po, 'yung mga tao natin, mga miyembro natin, tayo mismo ang kinakailangan na umaruga sa kanila. At dapat na maiparating agad, ang anumang hinaing, sa tagapangulo ng lupon ng mga diyakono, at pagkatapos pagpupulungan ito ng lupon ng mga diyakono at titingnan nila kung ano ang puwede nilang gawing aksyon tungkol dito. At kaya ang lahat ng mga bagay na ito patungkol sa damit, at pagkain, at pinansyal na mga tulong, o anupaman, kinakailangan na dumaan ito sa mga diyakono. Pagkatapos ang mga diyakono, kapag may pasya na sila na kanilang—na kanilang. . . kung ano ang gagawin nila sa bagay na 'yun, haya't ipresenta nila ito sa—sa tagahawak ng salapi, para malaman kung ang tagahawak ng salapi ay may kakayahan sa oras na 'yun na tustusan ang naturang halaga ng ilalabas na pera, o—o makabili ng naturang mga damit, o kung ano man ang kailangan dun. Pero mahalaga na ang—ang lupon ng mga diyakono ay pagpulungan 'yun, at di po 'yun iaasa sa mga tagapangasiwa o sa pastor man. Trabaho po ito ng mga diyakono, sa kabuoan.

Ngayon, dito naman, sa pangalawang tanong.

221. Kailangan pa po bang sabihin nang hayagan mula sa pulpito na ang pagsasalita sa iba't ibang wika't pagbibigay salin sa mga ito ay dapat na gawin sa isang pagtitipon bago ang gawain?

Yan po ang pangalawang tanong sa kapirasong papel na ito na hawak ko rito, sa maliit na kard dito.

¹⁶ Ngayon, ito po'y patungkol sa pastor dito, kita n'yo. Dahil siya—siya, kung tutuusin, ang dapat mamahala sa espirituwal na bahaging ito, siya ang tagapanguna rito. Ang mga diyakono naman ang pulis ng iglesya, para mapanatili ang kaayusan at asikasuhin ang mga bagay-bagay, at pakainin ang mahihirap, at iba pa. Ang mga tagapangasiwa naman ang namamahala sa pinansyal at sa gusali; 'yan dapat ang binabantayan nila. Pero ang pastor po ang may sakop sa—sa pamamahala sa espirituwal na bahagi, at ito'y para sa iyo, Kapatid na Neville.

17 Ngayon, may . . . di pa katagalan nung maitakda mismo ang kaayusan, sa iglesya. Ako po'y naniniwala sa pagsasalita sa iba't ibang wika, at sa pagbibigay salin dito, at lahat po nitong maiinam na mga espirituwal na kaloob na itinalaga ng Diyos na mapasa iglesya. Pero nabubuhay tayo sa panahon na ito kagaya nung panahon noon sa Biblia, kung saan ang mga kaiglesyahan. . . Ngayon, pansinin n'yo si Pablo, itinatag niya ang iglesya ng Efeso, ang iglesya ng Efeso, na isang matatag na iglesya. Napansin n'yo ba? Naniniwala tayo na si Pablo, at siya mismo'y nabanggit niya ito, na siya'y nagsalita mismo sa iba't ibang wika, at alam natin na may kaloob siya ng pagsasalita sa iba't ibang wika. Di nga sa bagay na napag-aralan niya noon, pero sa bagay na ipinagkaloob sa kanya sa espirituwal, yamang ganito ang pagkakasabi niya sa Mga Taga-Corinto rito. At para di na tayo humaba pa, di ko na bubuklatin ito sa inyo sa Biblia at babasahin pa ito sa inyo, dahil baka humaba ang pananatili natin—natin dito't gabihin nang husto, wala rin akong ganoong karaming oras. At ngayon . . . pero binabanggit ko lang ito para makita n'yo nang husto.

18 Ngayon, si Pablo ni minsan ay di siya nagsaysay sa iglesya ng Efeso o sa iglesya man ng Roma, o saan pa mang ibang iglesya roon, patungkol sa espirituwal na mga kaloob nila, na kung papaano ba nila 'yun ilalagay sa ayos. Pero kinailangan niyang saysayin 'yun nang paulit-ulit sa mga Taga-Corinto, dahil ginagawan nila 'yun lagi ng intriga. At sinabi ni Pablo, nung kausapin na niya sila, na kung makasumpong sila na ang isa'y nakapagsasalita ng wika at ang isa'y may salmo, at kanya ngang pinasalamatan sa Panginoon ang maiinam na kaloob na ito at mga bagay na tulad nun. At kung mapapansin n'yo po sa unang kabanata o pangalawa ng Mga Taga-Corinto, sinasabi sa kanila ni Pablo, na sa pagkakaposisyon, sila'y nakay Cristo, na kung paanong siya . . . sila'y nakaposisyon kay Cristo.

19 Pagkatapos niyang sabihin ito sa kanila, mangyari ngang parang isang tatay ay iniumang niya ang pamalo sa kanila, at ang sabi, “Nabalitaan ko na may pagtatalu-talo sa gitna ninyo, at nabalitaan ko na nalalasing kayo sa dulang ng Panginoon.” Hindi niya sila inalis sa pagiging Cristiano; at huwag na huwag n'yong gagawin 'yan, na aalisin n'yo ang mga tao sa pagiging Cristiano, nang dahil sa paraan na ikinikilos nila sa loob ng bahay ng Diyos. Parang ganyan din po ito.

20 Ngayon, sasabihin ko po ito, gaya ng sinabi noon ni Pablo nung panahong una, na, “Kung kayo'y magkakatipon, kung ang isa'y magsasalita ng wika, ang isa'y magbigay ng salin. Kung walang magbibigay ng salin, kung ganoon ay manahimik kayo. Pero kung may isa na magbibigay ng salin . . .”

21 Ngayon, naantabayan ko ang iglesya rito, at nakita ko po ang paglago n'yo, at nakita ko ang maraming espirituwal na

mga kaloob na gumagana sa pagitan n'yo. Kung tutuusin, may isa nga noon na kailangan kong kausapin si Kapatid na Neville patungkol sa Salita na galing sa Panginoon, para itama siya sa isang bagay na ginagawa niya noon.

22 At kung ako . . . kung Panginoon ang . . . Ang Espiritu Santo ang nagtalaga na ako'y maging tagakita ng Kawan, kung ganun ay tungkulin ko na sabihin sa inyo ang Katotohanan. At lubos-lubos nga ang pasasalamat ko kay Kapatid na Neville, sinunod niya ang Salita. Sasabihin at sasabihin ko lamang kasi Ito sa paraan ng pagkakasabi Niya sa akin.

23 Ngayon, dito, napansin ko ang paglago n'yo sa iglesya, at napansin ko po ito. At sa iglesya, heto 'yung pamamaraan natin nung unang panahon, at sa ganitong pamamaraan din natin—natin ito gusto muli ngayon.

24 Ngayon, di n'yo man napapansin, ang mga sanggol . . . Ang unang bagay na ginagawa ng sanggol sa mga panahon na di pa siya nakakapagsalita ay subukang makapagsalita kahit paano. Kita n'yo? Siya nga'y maglalaway pa nga, at mag-iingay, at—at kung anu-ano pa, pero sa isip niya ay nakakapag . . . mangyari rin na parang nasasapawan na niya ang nagpapangaral sa mga oras na 'yan. Buweno, di lang natin 'yan nakikita sa natural na buhay, kundi maging sa espirituwal na buhay rin. Ganyan po talaga ang *bata*. At kung susubukan mong itama ang sanggol at papaluin mo siya nang kaunti dahil “ngawa siya nang ngawa” at pilit na nagsasalita, mapapahamak n'yo lang ang bata. Kita n'yo, at masasaktan n'yo lang siya. Haya't pinaka mainam na hayaan n'yo lang ang sanggol na siya'y lumaki nang kaunti hanggang sa nabibigkas na niya mismo ang mga salita nang tama, at doon n'yo pa lang sasabihan kung *kailan* ba dapat ang tama. “Na huwag siyang sasabat kapag nagsasalita pa si tatay o nagsasalita pa si nanay.” Bagkus kapag tamang sandali na, siya nga'y pasasalitain din naman. Nauunawaan n'yo ba ako? Ngayon, siya nga'y hayaan n'yong makapagsalita kapag oras na niya para magsalita.

25 Ngayon, kung may isang bagay na maituturing na tinik po sa aking laman, doon sa pagtitipon, ay 'yung may isang tao na tatayo na lang bigla habang ako'y nagsasalita at pagkatapos ay may sasabihin siyang mensahe sa iba't ibang wika at napuputol ang daloy ng Espiritu. Haya't kagagaling ko nga lang sa isang pagtitipon sa New York at iba't ibang lugar kung saan 'yung mga ministro'y hinahayaan lang nila 'yung ganoon, kadalasan, at ang dulot nga'y wala nang iba kundi—kundi kalituhan. Kita n'yo, ang Diyos kasi'y nakikipag-ugnay sa isang tugaygay lang ng kaisipan sa isang pagkakataon, na Siya . . . kaya magiging—magiging . . . Magmumukhang parang tinitibag Niya ang Sarili Niyang kalooban, yamang sinisikap Niyang magpaunawa sa'yo

ng isang tugaygay ng kaisipan, sa kongregasyon, na magtawag ng pagdulog sa altar at pagkatapos may bigla na lang sasapaw.

²⁶ Halimbawa na lang, parang ganito. Nakaupo raw tayo sa isang mesa, nag-uusap, at ang pinag-uusapan natin ay tungkol sa Panginoon. Tapos tatakbo na lang papunta sa mesa si bunso, bigla-bigla, maaagaw nga palayo ang atensyon natin mula dun sa ginagawa natin, at hayan nga't, humihiyaw, pasigaw-sigaw pa, "Tatay! Nanay! Naku! Naku! Naka-home run po ako para sa koponan! At pagkatapos *ganito*, *ganoon* at *kung ano pa* ang ginawa namin!" At samantalang naroon nga tayo na nag-uusap sa isang napaka sagradong paksa. Ngayon, 'yung naka-home run siya, napaka inam nun; sa beysbol, napaka inam nun. Pero wala nga siya sa kaayusan kung bigla na lang siyang sisingit sa mensahe na pinag-uusapan natin. Paalalahanan n'yo siya na maghintay hanggang sa 'yung oras niya ay dumating at puwede na niyang sabihin sa atin kung anong nagawa niya sa beysbol.

²⁷ Ngayon, ganyan din po 'yan sa mga kaloob sa kapanahunan ngayon. Yan din ang dahilan kung bakit hindi maipagkatiwala ng Diyos ang napaka raming espirituwal na mga kaloob sa mga tao, di kasi nila alam kung papaano ito kukontrolin. Yan nga ang nangyayari sa panahon ngayon, ang dahilan kung bakit wala na tayong masyadong ganoon na dapat ay kamit natin.

²⁸ Tapos heto rin na nakakasumpong tayo ng napaka raming panggagaya ng mga espirituwal na kaloob. Pero naniniwala naman ako na di '*yan* nangyayari dito sa simbahan natin. Ako nga'y naniniwala na itong mayroon sa atin ay di panggagaya. Naniniwala ako na tunay itong mga kaloob na nasa atin, pero kailangan lang nating malaman kung paano ba kontrolin ang mga kaloob na ito.

²⁹ At mangyaring katulad na katulad nga 'yan sa nakagagawa ka halimbawa nang maganda. . . Halimbawa nagtratrabaho ka para sa isang amo at sa una ay pasimula ka pa lang diyan sa trabaho mo at lagi kang nakahanda na sumunod sa mga utos, pagkatapos ang amo nga'y mapapabilib sa iyo at itataas ka nga sa isang mas mataas na katungkulan sa tuwina.

³⁰ Ngayon, naniniwala nga ako na ang panahon na 'yan ay dumating na mismo sa Branham Tabernacle, na magkaroon ng kaalaman. . . na gamitin natin ang mga kaloob na ibinigay sa atin ng Diyos, na ang Diyos nga'y maipagkatiwala na sa atin ang isang bagay na higit pa sa kung anong mayroon tayo. Pero di nga tayo puwedeng ganoon na lang lagi. . . at 'yung katulad nga sa isang tao na palagi na lang pagsasabihan at lahat na. At alalahanin n'yo, "Ang espiritu ng mga propeta ay nasasailalim sa propeta," ang sabi ng Kasulatan. Kaya kapag may makikita kayong isang lalaki na kinakailangan n'yong ituwid, o isa mang babae, at 'yang tao na 'yan ay lilihis pa rin sa kaayusan, at heto ka nga na sinasabi mo na sa kanya ang batay sa Kasulatan na

Katotohanan, haya't ipinapakita lang n'yan na ang espiritu na naroon sa kanila ay di sa Diyos. Dahil ang sabi ng Biblia, "Ang espiritu ng mga propeta," o, "pagpropopesiya," 'yun ngang, pagpapatotoo, pangangaral, pagsaslita sa iba't ibang wika, o kung ano man 'yan, dahil ang iba't ibang wika na nabigyan ng salin ay pagpropopesiya. Kaya talagang napapasa ilalim ito sa propeta, at ang Salita po ang propeta. Kaya atin—at in ngang nakikita na wala sa kaayusan kapag ang isang lalaki o isang babae ay bigla na lang sisingit at magbibitiw ng mensahe, kahit na gaano pang may pag-aasam sa kanila na gawin ito, habang ang mangangaral ay naroon pa sa pulpito.

³¹ Ngayon iminumungkahi ko po ito sa Branham Tabernacle, yamang ang ating—at in ngang mga kaloob ay haya't nasumpungan na natin. . . At napakarami nga nating kasamahan dito na sila po'y talagang napagkalooban nang lubos. Ngayon, ang bawat isa sa mga kaloob pong 'yan ay kanya-kanya mismong pagmi-ministeryo. Mga kaloob mismo 'yan, katulad na lang na ang pangangaral ay kaloob, katulad na lang na ang pagpapagaling ay kaloob, katulad ng iba pang mga bagay na mga kaloob ang mga ito, ang mga 'yan ay kaloob, mga pagmi-ministeryo mismo ang mga ito sa ganang kanila. At bawat isa'y inatasan na sila'y maghintay sa kani-kanilang pagmi-ministeryo.

³² Kaya ang Branham Tabernacle ay mapangasiwaan nawa sa ganitong paraan, at sa panahon, lalong-lalo na sa panahon na ito kung saan napakarami nating (ayaw ko sanang sabihin ito, pero), napakarami pong kunwang pananampalataya. Ayaw nga natin sa kunwang pananampalataya. Walang sinuman, na tapat na tao ang nagnanais ng kunwang pananampalataya na lang. Tayo. . . Kung wala tayong. . . di natin makamit ang totoo, mas mainam na huwag na tayong magkamit ng kahit na ano, tayo nga'y maghintay hanggang sa makamit natin 'yung tunay. Ngayon, naniniwala ako na kayo—kayo na mga kalalakihan ay sang-ayon diyan. Ayaw natin sa kunwang pananampalataya. Mga kapatid, di nga tayo puwedeng magpasimula sa isang bagay na kunwang pananampalataya at hahayo sa mundo. Ang kailangan natin ay 'yung tunay, at kung ano 'yung totoo. Kung di pa natin ito taglay, maghintay lang tayo hanggang sa ating makamit 'yun, at pagkatapos ay dun pa lang tayo magsasabi ng tungkol dun. Kita n'yo?

³³ Ngayon, sasabihin ko po ito, na lahat ng mga kalalakihan at mga kababaihan na nakapagsasalita sa iba't ibang wika, at nakapropopesiya, at nakapagpapaabot ng mga mensahe. . . At ako'y—ako'y naniniwala sa inyo na mga kalalakihan na kayo'y tunay. Ngayon, sinabi ng Biblia, "Subukin ninyo ang lahat ng mga bagay; at panghawakan ninyo ang mabuti." "Sapagkat sa pamamagitan ng mga utal na mga labi at ng ibang wika ay magsasalita Ako sa bayang ito, ito ang kapahingahan na

sinabi Kong kinakailangan ninyong makapasok,” doon sa Aklat ni Isaias.

³⁴ Ngayon, imumungkahi ko po ito nang sa gayon isa-isa lang na di magsasapawan ang pagmiministeryo ng kaloob sa loob ng santuwaryo sa isang pagkakataon, dahil dadalhin tayo uli nito pabalik sa kaayusan ng bagay na ipinangusap ko: kung may isa na magsasalita, haya't ipasailalim n'yo ang espiritu ng mga propeta sa propeta. Nauunawaan n'yo po ba? Ngayon, tiyakin n'yo na ang mga mayroong pagmi-ministeryo sa Katawan ni Cristo. . . Haya't ngayon ay nasabi na ito, nawa'y maganap na ngayon. Tiyakin n'yo na ang mga mayroong pagmi-ministeryo sa Katawan ni Cristo'y maghintay sa kanilang ministeryo, dahil pagmi-ministeryo ito na galing kay Cristo na ipinagkaloob sa iglesya. Pero mangyari ngang di maaaring sabay-sabay kayo na magmiministeryo, kinakailangan na isa-isa lang.

³⁵ Kinakailangan na maging ganito ang Branham Tabernacle. Tiyakin n'yo na 'yung mga nakapagsasalita ng iba't ibang wika, at sila na mga nagbibigay ng salin sa mga wikang ito, at sila na may propesiyang ipapaabot sa iglesya, tiyakin n'yo na sila'y makapunta nang maaga't sama-sama. . . bago magsimula ang pagtitipon, na sila nga'y magtipon sa isang itinakdang silid, at maghintay sa pagmi-ministeryo ng Panginoon.

³⁶ Ganyan kasi ang ginagawa ng pastor bago siya humarap sa mga tagapakinig; kinakailangan niyang kunin ang Biblia niya, mag-aral nang may kataimtiman sa kanyang silid, na mapasa Espiritu, at mapahiran sa pagharap niya sa mga tagapakinig para makapangusap. Kung di niya 'yan gagawin, siya nga'y magugulumihan sa paglabas niya roon. (Sikapang ang bawat lalaki at bawat babae, na may espirituwal na kaloob, ay maka dulong muna sa harap ng Panginoon.) At yamang ang pastor ay may isa't bukod na pagmi-ministeryo, siya'y isang propeta; ang salitang Ingles, na *isang mangangaral*, ang ibig sabihin nito'y “isang propeta,” na naghahatid ng Salita.

³⁷ Kaya naman ang bawat isa na may mga pagmi-ministeryo na isang bahagi ng pagmi-ministeryo ng iba, tulad na lang ng pagsasalita sa iba't ibang wika at 'yung isang bahagi nga'y ang mabigyan ng salin ito, sila nga'y maghintay nang *sama-sama* sa kanilang pagmi-ministeryo. Hindi sila magsasarili sa isang pribadong silid at magsasalita dun sa iba't ibang wika at tapos dun pa lang lalabas para sabihin dun sa isa ang winika niya, dahil lalabas na may pagsasalita siya ng iba't ibang wika at pagbibigay ng salin dun. Kita n'yo? Ngayon, kung siya naman talaga'y may ganoon, mainam, tatanggapin natin nang ganoon. At ang ibig lang talaga nati'y makinabang mismo ang iglesya sa pamamagitan ng mga kaloob na ito na nasa iglesya. Ipinadala ng Diyos sa atin ang mga ito, at ito po'y. . . nais nga nating makinabang ang ating iglesya sa pamamagitan ng espirituwal

na mga kaloob na ito. Kaya 'yung tao na nagsasalita ng iba't ibang wika, at 'yung isa na nagbibigay ng salin dun, at 'yung isa na nagpropesiya, sila nga'y papuntahin n'yo na sila'y sama-sama bago magtipon ang—ang iglesya. Sila nga'y tipunin n'yo sa isang silid na sama-sama sila roon, maghintay sila sa pagmi-ministeryo ng Panginoon sa iglesya. Nauunwaan n'yo na po ba ito?

³⁸ At pagkatapos, ganito po, kung si Kapatid na Neville, sige't ipagpahalimbawa natin, buweno, siguro, ipagpaumahan n'yo, ganito na lang po pala: Halimbawa po si Kapatid na Collins ay magsasalita sa iba't ibang wika at si Kapatid na Hickerson ang magbibigay ng salin dito, haya't sila'y may pagmi-ministeryo nang *magkabuklod* para sa iglesya. Ngayon, di na 'yan pagmi-ministeryo ni Kapatid na Neville; pagmi-ministeryo n'yo na po 'yan sa iglesya. Inihahalimbawa ko lang ito. Kaya kayo na mga kapatid ay nararapat lamang na ganoon ngang kainteresado na maidako n'yo ang inyong pagmi-ministeryo sa tama po nitong posisyon sa bahay ng Diyos katulad ng kung papaanong ang pastor ay ganoong kainteresado na maipuwesto din nang tama 'yung pagmi-ministeryo niya, dahil ganoon ding kahalaga 'yun na magawa n'yo 'yun. Pero di nga maaaring bukod na gagawin n'yo 'yun sa sari-sariling silid, kung *ikaw* ay nakapagsasalita at *ikaw* naman na isa ay nakapagbibigay ng salin, kinakailangan n'yong magsama. Ngayon, kayo nga'y magpunta't magbuklod sa simbahan, sa isang silid na sama-sama kayo sa loob, dahil pribadong pagmi-ministeryo 'yang taglay n'yong 'yan. Di po ito hayagang pagmi-ministeryo, ito po'y isa na makatutulong sa iglesya. Kita n'yo? Ito po'y isang bagay na makatutulong sa iglesya, pero di po ito dapat gawin sa mismong kongregasyon na, haya't sa pamamaraan lamang na sasabihin ko sa inyo kung paano ba ito isagawa. Kita n'yo? Pagkatapos, anumang wikain ni Kapatid na Collins, mangyari ngang si Kapatid na Hickerson ay magbibigay ng salin, haya't halimbawa lang po, pagkatapos si Kapatid na *Ganito* ay kanya itong isusulat, kung ano 'yun. At pagkatapos kung ito'y parating na . . .

³⁹ Ngayon, alam nating lahat na ang Panginoon ay parating na, alam na alam na natin 'yan. At kaya kung si Kapatid na Neville ay tatayo rito gabi-gabi at magsasabi, "Narito, ang Panginoon ay parating na! Narito, ang Panginoon ay parating na!" ayos lang po 'yan, kita n'yo. Mangyaring nasasabi niya 'yan (bilang pastor) sa entablado, dahil kamit niya ang Salita para roon. At kung siya nga'y pastor, propeta sa iglesya . . . o isang pastor, ang ibig kong sabihin, kinakailangan niyang pag-aralan ang Salita ng Panginoon at sabihin sa inyo kung ano ang nasusulat sa Salita ng Panginoon patungkol sa pagdating ng Panginoon, at haya't binabalaan nga kayo nito. Sa iba namang pagmi-ministeryo (sa iglesya) na wala na siyang koneksyon sa mga 'yun, ay itong pagsasalita sa iba't ibang wika, pagbibigay salin mula sa

iba't ibang wika (na pagpropopesiya), o isang nagpropopesiya ang magbibitiw ng propesiya, na patungkol sa isang bagay na di nasusulat sa Salita. Yun kasing nasusulat sa Salita, 'yun ang kailangan *niyang* ipangusap; pero 'yung di nakasulat sa Salita, 'yan naman 'yung sasabihin *n'yo* sa kinauukulan. Katulad na lang, halimbawa, "Sabihin mo kay Kapatid na Wheeler, GANITO ANG SABI NG PANGINOON, 'Bukas, sa hukayan niya ng buhangin, huwag siyang pumunta, dahil may truck na babalikwas dun,'" o parang ganun, at kailangan na masabi 'yun sa kanya. At mangyaring wiwikain mo 'yun at may isa na siyang magbibigay ng salin dun, at pagkatapos ilapag *n'yo* 'yun sa may entablado kapag natapos na ang inyong pagmi-ministryo, pagkatapos, sa gabi, kapag ang iglesya (ang mga himno) ay nagsimula nang mag-awitan at kung ano pa; kapag ang pagmi-ministryo *n'yo* ay matapos na, papuntahin *n'yo* sila dala-dala ang propesiya na 'yan na ikinaloob sa kanila.

⁴⁰ At sa palagay ko'y parang wala tayong. . . O kung mayroon man, ganito ang kaayusan diyan. Kapag nagtipun-tipon na ang mga taong ito, 'yung nakasalo nung karunungan ang paunahin *n'yo* na magsalita. Dahil, kita *n'yo*, kung ang isa ay magsasalita sa iba't ibang wika at bibigyan 'yun ng salin sang-ayon sa Kasulatan, hindi 'yun maaaring tanggapin agad maliban na ito nga'y masaksihan ng dalawa o tatlong tao, dalawa o tatlong mga saksi, kita *n'yo*, ang kailangang nakasaksi, na kanilang masampalatayanan na Salita 'yun ng Panginoon. Dahil. . . At kung minsan po kasi sa maliliit na mga pagmiministryong ito, katulad ng iba pang pagmiministryo, nahahagip *n'yo* 'yung mga espiritu na huwad; kita *n'yo*, naglipana kasi sila riyana sa ere. At di natin gusto 'yun. Hindi. Ang gusto nati'y malantad ang mga pagmi-ministryong ito kung kinakailangan silang malantad, dahil anumang bagay na galing sa Diyos. . . huwag kayong mag-alala kung ilalantad ito, 'yan po, ito kasi'y—ito kasi'y makatatayo sa pagsubok, kung ito'y sa Diyos talaga.

⁴¹ Kagaya na lang sa pastor, kung may maghahamon sa kanya patungkol sa Salita, hindi niya kailangang mapaatras sa bagay na 'yun, alam niya kasi mismo kung anong ipinapangusap niya, "Sige't lumapit kayo rito." Kita *n'yo*? At ganun din ito sa iba pang mga pagmi-ministryo, narapat lamang na ganun din.

⁴² Ngayon, kung—kung may magsasalita sa iba't ibang wika at maghahatid ng mensahe. . . Ngayon, may ibang tao nga na magsasalita sila ng iba't ibang wika't ang ginagawa lang nila'y "pagpapatibay lang sa sarili nila," 'yan ang sabi ng Biblia, sila lang ang nagagalak dun. Magsasalita sila ng iba't ibang wika, makakaramdam sila. At tunay namang *nakapag* sasalita sila sa iba't ibang wika, nakakasalita sila talaga sa iba't ibang wika, at ang Espiritu ang kumikilos dun. Pero kung gagawin 'yan sa piling ng mga tagapakinig, magsasalita sa iba't ibang wika, na sarili lang nila ang napagtitibay nun, kung ganoon ay di 'yun

kapakinabangan para sa iglesia; pansarili lang nung lalaki ang napagtitibay niya, o nung babae, o sinuman na gumagawa nun. Kita n'yo?

⁴³ Ang pagsasalita po sa iba't ibang wika ay kaloob ng Diyos para sa pagpapatibay, gaya ng sinasabi ni Pablo sa Kasulatan, na ito'y para pagtibayin ang iglesia. Kaya nangangahulugan lamang na ito'y direktang mensahe mula sa Diyos patungo sa iglesia, na labas sa kung anong nakasulat dito sa Biblia. Kita n'yo? Isa'yung bagay na . . .

⁴⁴ Sabihin na lang natin na tatanungin n'yo ako, "Kapatid na Branham, papaano ba ako dapat mabautismuhan?" Puwede ko ngang sabihin sa inyo agad-agad. Hindi n'yo na kailangan ng pagsasalita sa iba't ibang wika at para sabihin ang sagot sa akin, nakasulat na kasi ito rito sa Biblia kung ano ang tamang pamamaraan ng paggawa nito. Kita n'yo? Di ko na kailangan pang . . . di n'yo na nga kailangang magtanong tungkol diyan at kailangan pa na magpapasalita kayo ng isang tao sa iba't ibang wika at para masabi sa inyo. Kita n'yo, nakasulat na kasi.

⁴⁵ Pero kung sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, ano pong dapat kong gawin? Kinakailangan ko kasing magdesisyon sa isang bagay rito patungkol sa kung magsisimba ba ako rito o sa ibang simbahan," o parang ganun. O, "Dapat ko bang gawin'yung *ganito*, *ganoon*?" Ngayon, 'yang bagay na 'yan ay dapat na manggaling mula sa Diyos. Kita n'yo, Diyos po mismo ang magsasabi sa atin n'yan. Pero kinakailangan nga itong dumaan sa isa pang pagmi-ministryo, dahil wala namang sinasabi sa Kasulatan na, "Sige't hayaan n'yong umalis si Orman Neville ng Branham Tabernacle at magpunta sa Fort Wayne Gospel Tabernacle." Kita n'yo, wala ngang ganun na nakasaad dito sa Salita, kita n'yo, kaya 'yan ang silbi ng mga kaloob na ito.

⁴⁶ Katulad na lang na may magpupunta rito at magsasabi, "Kayo ba'y naniniwala sa Makalangit na pagpapagaling?" Atin ngang ipinapangal 'yan, sinasampalatayanan nga natin 'yan, nananampalataya tayo sa pagpapahid, ng langis.

⁴⁷ Pero halimbawa na lang na may lalaki na magsasabi na di siya "Hindi niya 'yun makamit, ano kayang problema?" Haya't ang Diyos na mismo, sa pamamagitan ng pagsasalita ng iba't ibang wika, pagbibigay salin, sa pagpropesiya, o sa kung anong paraan para tugaygayin ang buhay nung lalaking 'yun at talusin ang bagay na nagawa niya, at sabihin 'yun sa kanya. Ang pagmi-ministryong 'yan ay di na sa pastor, sa mga may pagmi-ministryong kaloob na, pero hindi nga dapat ito gawin sa may mga tagapakinig. Kita n'yo?

⁴⁸ Ngayon, ni minsan ay di kinailangang sabihin ni Pablo sa mga—sa mga naroon sa iglesia ng Efeso ang tungkol dun, sila kasi'y nasa kaayusan, ang iglesia ng Roma, o saan pa man sa ibang mga iglesia roon; sa iglesia lang ng Corinto, at di kasi

nila mailagay sa ayos ang mga sarili nila. . . Ngayon, si Pablo nga'y naniniwala sa pagsasalita sa iba't ibang wika. Mayroon siyang pagsasalita sa iba't ibang wika dun sa iglesia ng Efeso, kagaya ng mayroon siya sa iglesia ng Corinto, kita n'yo, pero mas nakapapangusap siya sa mga taga-Efeso patungkol sa mas higit na mga bagay kaysa sa pagsasalita na lang sa iba't ibang wika, pagbibigay salin sa mga ito.

⁴⁹ Ngayon, kapag may isa na magsusulat nung mensahe na ipinaabot sa iba't ibang wika o sa pagbibigay ng propesiya, at ilalagay 'yun dito sa entablado, dapat na bago magsimula ang gawain ay babasahin ng pastor, itong "GANITO ANG SABI NGAW PANGINOON" na galing sa mga nagsalita sa iba't ibang wika at nagbigay ng salin nun. At kung ang bagay na 'yun ay mangyayari nang saktong-sakto sa pagkakasabi nung ibinigay na salin, itataas natin ang ating mga kamay at magbibigay ng pasasalamat sa Diyos para sa Kanyang Espiritu na narito sa kalagitnaan natin. Kung di mangyari, mangyari ngang huwag n'yo nang gawin uli hanggang sa 'yung masamang espiritu ay umalis muna mula sa inyo. Ang Diyos kasi'y hindi maaaring magsabi ng huwad, Siya'y katotohanan sa tuwina.

⁵⁰ Mangyari ring, kita n'yo, sapat na ang gulang n'yo ngayon para kumilos na parang ganap na mga kalalalahan, di na mga bata pa ("goo, goo, goo"), kinakailangan na may kahulugan na 'yung sinasabi.

⁵¹ Kaya ang iglesia ngayon, sa pagsapit nito sa kaayusan, ay maging *ganito* na sana ang kaayusan. Kung may magbibitiw ng propesiya. . . Kung may darating sa gitna n'yo, na kulang sa kaalaman, at ikaw nga'y magsasalita sa iba't ibang wika, ikaw nga'y magmimistulang barbaro sa kanya, di niya mauunawaan kung ano ang sinasabi mo. Kita n'yo? At kung sa totoo lang sa panahon ngayon kung saan naglipana ang kalituhan sa bagay na ito, magdudulot lang ito ng katitisan. Pero hayaan n'yo na magsalita ang isa sa iba't ibang wika, at may isa na magbibigay ng salin at ipapaabot ang mensahe, at ito'y ipabasa sa mismong entablado rito, patungkol sa kung ano ba ang magaganap, at hintayin n'yo itong mangyari, makikita n'yo kung ano mismo ang mangyayari. Sabihin n'yo sa kanila, na, "Bukas sa *ganitong* oras," o "sa susunod na sanlinggo sa *ganitong* oras, *ganito* ang mangyayari," tapos hayaan n'yo na 'yung di mananampalataya na nakaupo na marinig 'yun at makita na pauna nang sinabi 'yun bago 'yun mangyari. Tapos malalaman nila kung anong uri ng espiritu ang mayroon diyan sa kalagitnaan n'yo, na 'yun nga'y Espiritu mismo ng Diyos. Yan nga ang sinabi ni Pablo, "Mangyaring kung makapagsasalita ng propesiya ang isa't ihahayag ang mga lihim na bagay, hindi ba't ang buong kongregasyon mismo ay yuyukod, o, ang di mananampalataya ay yuyukod, at magsasabi, 'Ang Diyos ang nasa kalagitnaan ninyo?'" Kita n'yo? Dahil hindi maaaring. . .

⁵² Mangyari ngang ayaw nating . . . “Noong tayo’y bata pa,” sabi ni Pablo, “kumikilos ako na gaya ng bata,” ’yan nga ang sinabi niya sa mga taga-Corinto roon, “nagsasalita ako na gaya ng bata.” May pambatang kaisipan siya noon. “Subalit noong ganap na ang ang aking gulang, iniwan ko na ang mga bagay ng pagkabata.”

⁵³ Ngayon, sasabihin ko sa inyong lahat, kita n’yo. Ngayon, mga ilang taon na ang nakararaan, kayo’y mga bata na taglay-taglay ang mga kaloob na ito, palaro-laro’t urong-sulong. Pero kayo’y nakakapag eskuwela na nang matagal ngayon, panahon na para maging kalalakihan na sapat ang gulang, na di n’yo na gagamitin ang mga ito para sa palaro-laro pa. Ang mga kaloob na ito, ito’y sagrado, ito’y sa Diyos, at hindi dapat kayo palarolaro rito. Hayaan nating gamitin ang mga ito ng Diyos. Yun nga ang ibig marating ng inyong pagmi-ministeryo. Yan ang paraan para mailagay ang Branham Tabernacle sa paglilingkod. At—at kung tanungin uli ito, anumang panahon, ang teyp pong ito’y maging saksi na sa ganyang paraan dapat ang paggawa rito sa Branham Tabernacle.

⁵⁴ Kung may mga bagong dalo na paparito, dahil mayroong ganyan sa tuwina, dahil ito’y tabernakulo na bukas sa lahat ng mga denominasyon, may mga tao na paparito na wala silang mabuting pagsasanay na gaya nito, wala sila nito, hindi sapat ang kaalaman nila. At kahit sa pastor nila, bigla na lang silang sasapaw at sisingit sa mensahe, at magagambala ang pagtawag sa pagdulog sa altar, at magsasalita sa iba’t ibang wika at kung anu-ano pang lahat ng ’yun. Kayo po’y mga kalalakihang mas mataas ang pagsasanay kumpara roon. Kita n’yo? Pagkatapos kapag tapos na ang gawain, kung ang tao ngang ’yun ay wala na siya sa kaayusan, mangyari ngang tungkulin na ito ng mga diyakono na lapitan sila. Huwag n’yo nang ipaabot pa na ang pastor ang gagawa nun maliban na lang kung walang diyakono rito, pero ang diyakono po talaga ang dapat na magsaayos nun. Kita n’yo?

⁵⁵ Ngayon, pagkatapos ng gawain . . . Kung may tao na bigla na lang tatayo at magbibigay ng mensahe, ang pastor po, kung gusto niyang huminto pansumandali at hayaan ’yun, ayos lang naman ’yun, kita n’yo, nasa pastor na ’yun. Pero pagkatapos na pagkatapos nga nun ay ’yung mga diyakono, bago lumabas ’yung tao mula sa gusali, dalhin n’yo ’yung tao sa isang gilid at sabihan siya tungkol dun.

At kung kuwestyunin nila ’yun, iparinig n’yo sa kanila ang teyp na ito at sabihin, “Ganito ang sinasabi ng katungkulan, o, ng tagakita sa iglesya . . .” (Na isang *katungkulan*, ang . . . ang isa pong tagakita, kita n’yo, ’yun nga ang tawag dito sa Biblia, “katungkulan,” kita n’yo, ’yan po ang pangkalahatang tagakita sa iglesya.) “ganito . . . ito po ang kaayusan at pamamaraan na

isinasagawa ng aming iglesya. Ngayon, nalulugod kami na kayo nga'y magpunta't ipaabot ang inyong mensahe. Pero kung may mensahe kayo mula sa Panginoon at ito'y . . . ibigay n'yo lamang ito, kayo nga'y pumarito at ilapag ito sa aming entablado, at ito nga'y babasahin ng aming ministro sa kongregasyon, isa pong mensahe sa harapan ng kongregasyong ito."

Pero dapat na hindi inuulit lamang ang Kasulatan, at mga bagay na gaya nun. Kinakailangan na direktang mensahe ito sa mga tao, patungkol sa bagay na napipinto mismong mangyari, o bagay na kailangan nilang gawin. Nauunawaan po ba? Sige.

222. Ngayon, may mas mainam bang paraan para mapanatili ang kaayusan sa loob ng simbahan maliban sa palagian na lang na pagpapaalala sa mga tao nang—nang paulit-ulit mula sa mga diyakono na nararapat?

Wala, po, naipaliwanag ko na 'yan. Yan po 'yung ikatlong katanungan.

⁵⁶ Mga diyakono, ang tungkulin n'yo ay mapanatili mismo ang kaayusan sa loob ng simbahan, nang may kabutihang loob at pagkamagiliw. At mangyari rin na kayo ang gagawa nito, na kung may isa na mawawala sa kaayusan sa loob ng simbahan, o may paparito na sabihin na lang natin na lasing, o may bigla na lang papasok dito.

⁵⁷ Katulad nga nung nabaril na ministro dun sa entablado nung isang gabi sa dako roon. Nabalitaan n'yo na 'yun, may lasing na bigla na lang pumasok na may dala-dalang mahabang baril na doblado ang kargada. Yung lasing nga'y nagsisigaw na hinahanap 'yung asawa niyang babae, at—at sadya niya 'yung asawa niyang babae, at sumugod dun sa pastor. At itinuro nung pastor sa lalaki 'yung asawa nito na nakaupo roon, pero akma ngang babarilin nung lalaki 'yung asawa sa mismong loob ng simbahan, at nagsimulang makipag-usap sa lalaki 'yung pastor. At imbis na—imbis na . . . Yung—'yung lalaki nga na may hawak ng mahabang baril ay bumaling at binaril 'yung pastor dun sa pulpito, at pagkatapos binaril ang kanyang asawang babae, at pagkatapos ay binaril niya ang sarili niya.

⁵⁸ Ngayon, kung may mangilan-ngilan sanang mga diyakono na naroon nung pumasok ang lalaking 'yun sa pintuan habang may dala-dala siyang mahabang baril, nasunggaban na sana nila 'yung lalaki, at naagaw nila 'yung mahabang baril mula sa kamay niya. Kita n'yo? Kita n'yo, ganoon nga—ganoon nga ang kaayusan ng mga diyakono. At ngayon, kung 'yang mga bagay na gaya n'yan ay patuloy lang na gagawin ngayon, asahan n'yo na 'yung mga kung anu-anong pangyayari na tulad nun. Pero, alalahanin n'yo nga, ang mga diyakono ang pulis ng Diyos sa loob ng bahay ng Diyos, kahit ano pa ang isip-isipin ng iba. May mga pagkakataon nga na ang isang pulis ay di niya gusto na magpunta roo't arestuhin ang isang tao, marahil

ay isa kasi 'yun sa mga kaibigan niya, pero nanumpa nga siya sa isang katungkulan, na kailangan niya talagang gawin ano't anuman. Yun kasi ang katungkulan niya para sa kanyang siyudad. Kita n'yo?

⁵⁹ Mangyaring 'yan ang katungkulan ng isang diyakono sa iglesya. At kung may isa na bigla na lang sisingit at puputulin sa pagsasalita ang pastor, o kung ano na parang ganoon, at ang pastor ay kasalukuyang nagmemensahe, marapat lamang na ang mga diyakono'y lalapitan 'yung mga taong ganoon, dalawa o tatlo sa kanila, sasabihin, "Maaari ka ba naming makausap, kapatid?" Kita n'yo? Dalhin n'yo siya mula sa simbahan, dun sa labas papunta sa opisina, *dito* o sa ibang opisina, at kausapin n'yo siya tungkol dun, sabihin, "Dapat di kayo nanggugulo." Alam n'yo, malaki ngang—malaki ngang multa ayon sa batas ang bigla na lang manggugulo sa gawain. Kita n'yo? Pero may ganyan ngang mga tao, na delingkuwente o kung ano, na bigla na lang magpupunta riyan sa kalagitnaan n'yo, alam n'yo at—at marahil panatiko ng relihiyon, at—at bigla-bigla na lang may gagawin, kung ganoon ang mga diyakono. . . At kung—at kung ang mga diyakono ay para bang di nila 'yun makontrol, kung ganoon ay 'yung lupon ng mga tagapangasiwa o kung sino pang iba sa loob ng simbahan ay maaari namang umaksyon dun at tumulong para dun sa diyakono. Alam n'yo 'yun.

⁶⁰ At—at ngayon sige't ulitin natin 'yung tanong na 'yan dito.

May mas mainam bang paraan para mapanatili ang kaayusan sa loob ng simbahan maliban sa palagian na lang na pagpapaalala sa mga tao nang paulit-ulit mula sa mga diyakono, ngayon, nang paminsan-minsan?

⁶¹ Ngayon iniisip ko na ang—ang pastor, dapat nga niyang dalas-dalasan. . . O iparinig ang teyp na ito, para ito na mismo ang tumayong saksi. Ang mga diyakono ang pulis, at ang bagay na sabihin nila ay batas at kaayusan. Kita n'yo? At sila nga'y may awtoridad mula sa iglesya at maski mula sa mismong mga batas ng bansa na gawing matiwasay na dako ang bahay ng Diyos. At sinuman na sumalansang laban sa diyakono ng gaya nun, ay mapapatawan nga ng—ng dalawa o sampung taon sa pambansang bilangguan. Kapag sinabihan mo silang umalis at ayaw nilang gawin ito, o parang ganoon, sabihan 'yung taong nanggugulo, marahil wala siyang kamalay-malay sa sinusuong niya. . . Inilalagay niya ang sarili niya, o isinasalang niya ang sarili niya sa alanganin sa lahat ng mga multang ito't, lahat na.

⁶² At mangyari rin na kapag dumating sa punto na may isang tao. . . Ngayon, gaya. . . Haya't kung may bigla na lang sisingit at manggugulo. . . Marahil magsasalita sa iba't ibang wika o kung ano, di ko 'yun sisitahin. Kita n'yo, hahayaan lang sila, lalo na't bago pa lang 'yung tao na nakadalo. Kung 'yung tao nama'y isa sa atin dito, mangyari ngang magtakda kayo ng, kasunod na

gabi, kunin n'yo na mga diyakono ang teyp na ito, at sabihin, "Ngayon, iparirinig namin itong mga pagsasaayos sa loob ng iglesya bago tayo magsimula ng gawain, gusto kong ang lahat ay makaunawa rito." At kayo na mga pastor at lahat kayo na iba pa'y maaaring gumawa nang sama-sama gaya nun.

223. Ngayon, Kapatid na Branham, paano naman po sa Sunday school? Kapatid na Branham, patungkol naman sa Sunday school, (buweno), ito po ba'y dapat na una bago ang gawain ng pangangaral?

⁶³ Oo, noon pa ma'y ganoon na ang ginagawa natin dito. Yung Sunday school ay una bago ang gawain sa pangangaral. Haya't nabibigyan kasi ng pagkakataon ang mga munting mga bata na dumadalo sa Sunday school, na matapos na agad ang kanilang klase. At kung—ang kung gusto pa nilang . . . mangyari ngang ang mga munting bata'y di pa nila ito maiintindihan, at kaya kung pauupuin sila roon sa likod na likod na patatapusin muna ang gawain dito ng pangangaral at pagkatapos ay may Sunday school pa na kasunod, mapapagod ang mga maliliit na bata. Kaya una talaga dapat ang Sunday school, may nakatakdang oras, may nakatakdang oras na sa ganoong oras sa tuwina ang Sunday school. Dapat na tiyakin po 'yan ng namamahala ng Sunday school, na magkaroon talaga ng Sunday school sa oras na itinakda, nakatakdang oras. At kinakailangan ding matapos sa itinakda nang oras. Lahat po ng Sunday school, maglaan ng oras para dun, at pagkatapos ay labasan na.

224. Ang tagapagturo ba sa klase ng mga nakatatanda'y ibang tao dapat at hindi ang pastor?

⁶⁴ Kung 'yan ang pinagkasunduan. Kung gusto ng pastor na siya ang magturo ng Sunday school at pagkatapos ay siya rin ang magbibigay ng mensahe maya-maya, mainam at wala pong problema 'yan kung gusto niyang magdaos ng dobleng gawain. Pero kung di naman niya gusto, 'yung tagapagturo ng Sunday school para sa mga nakatatanda ang pagturuin, kita n'yo, para sa klase n'yo ng mga nakatatanda. At pagkatapos kung—kung ang pastor ay may naiisip siyang iba na magtuturo, at 'yung tao na 'yun ay gusto rin naman niya, maglaan kayo ng tatlung minuto, o kung anumang itinakdang haba ng oras ng Sunday school, tatlung o tatlungpu't lima, apatnapung minuto, kung ano man 'yun.

⁶⁵ At may kalembang na nakalagay po dapat dito. At kapag pinatunog na 'yang kalembang na 'yan, ibig sabihin. . . o kahit kalembang ng simbahan, kapag patutunugin sa labas, hudyat na 'yun na palabasin na ang Sunday school. At kapag tumunog na ang kalembang, ibig sabihin nun ay dapat na nasa ayos na ang lahat sa dakong 'yun.

⁶⁶ Maglaan ng kaunting oras para sa isang himno o dalawa, ano man 'yan na inyong aawitin. Huwag masyadong matagal,

mapapagod n'yo ang mga tao kung pananatilihin n'yo sila nang matagal, kita n'yo. At patunugin n'yo lang po ang kalembang, umawit ng himno at anuman 'yan na gagawin n'yo, at tapos ay papuntahin n'yo na ang mga klase n'yo sa kani-kanilang silid. At pagsapit mismo ng oras, sabihin na lang natin na—na alas diyas, o alas diyas y media, o alas diyas kinse, anuman po 'yun, patunugin n'yo 'yung kalembang na 'yun at 'yung mga tagapag turo ay palalabasin nila ang kanila klase, magtutungo na sila sa mga tagapakinig dito. At pagkatapos . . . At magbigay-ulat, ulat ng Sunday school, at pagkatapos ay isara na 'yun, at 'yung mga gustong magpaiwan para sa pangangaral na gawain ay sila'y manatili lang para sa kasunod. Kita n'yo, at mangyaring nasa kaayusan na ito.

May tanong po ba? **Ilan po ba- . . .** [May isa na nagtatanong kay Kapatid na Branham, “**Ang ibig palang sabihin ay dapat may hiwa-hiwalay na klase po, pala?**”—Pat.]

⁶⁷ Oh, tama, dapat nga. Ang isang—ang isang bata na tatlong taong gulang ay di niya maiintindihan 'yung kayang unawain ng kabataan na labing-apat na taong gulang na. Siguro po'y napalawig ko naman 'yan nang maayos.

225. Ilan po ba dapat ang klase?

⁶⁸ Paghiwa-hiwalayin n'yo ang mga klase n'yo nang . . . Kasi po 'yung klase para sa maliliit na bata na gustung-gusto 'yung pisara na may tau-tauhan at mga larawan, mangyaring di na 'yun ang gusto ng mga kabataang lalaki o babae na labing-apat na taong gulang na. Kita n'yo? Dapat na mayroon kayong isa na magtuturo dun sa mga maliliit pang bata, siguro'y isang may edad nang nanay o isa na may kaalaman sa pag-aalaga sa kanila. Siguro sa ibang klase, sa palagay ko, ang kailangan dun ay 'yung mas maalam sa pagprepresenta ng Salita. Kita n'yo? At kailangan talaga nitong hiwa-hiwalay na klase. Siguro sasabihin ko lang ngayon, na dapat may klase na di bababa sa . . . Kahit siguro tatlong klase po.

⁶⁹ May klase po dapat para sa maliliit pang bata, na siguro'y mula limang taong gulang ang edad pataas. At lahat ng iba pa na mas bata pa ang edad ay dapat manatili sa kani-kanilang nanay, at dadalhin sila sa pribadong silid para sa mga nanay kung kinakailangan sa oras ng—ng pangangaral, kung 'yung mga bata ay biglang magkukukulit. Para dun 'yung pribadong silid na ito.

⁷⁰ At iniisip ko na 'yung—'yung mga klase ay dapat nakauri na may para sa maliliit pang bata na lima o anim na taon ang edad, hanggang walo o siyam, sampu, basta para pong ganun. At pagkatapos mayroon din para sa sampung taon hanggang labing-limang taon na 'yun po 'yung—'yung klase para sa mga kabataan. At pagkatapos may klase para sa nakatatanda mula labing-limang taong gulang, dahil sila . . . hayan nga't sapat na edad na 'yan para—para . . . sa panahon nga ngayon puwede na

silang makakuha ng trabaho at 'yung ilan nga'y gusto nang makaboto sa edad nilang 'yan, halos; kaya sila—sila ay may kasapatan na para makapakinig sa Salita, haya't dito nga sila sa mismong awditoryum magpupunta at makikinig.

226. Sino po ba ang dapat na maging tagapagturo?

⁷¹ Hayan nga, nasa pa inyo po 'yan kung sino ang gusto n'yong mahalal na mga tagapagturo. At kayo nga dapat ang gumawa n'yan, maglagay kayo roon, kumuha ng tao. Haya't magpulong kayo sa iglesya, at sabihin n'yo, "Sinong . . . Sino rito ang may nararamdamang pangunguna ng Panginoon?" At pagkatapos kumuha kayo ng kuwalipikadong tagapagturo. At pagkatapos itakda n'yo na 'yun. Kinakailangan pong seryoso sa tungkulin, mga kapatid. Kung ang isang tagapagturo ay di kuwalipikado para roon, magpalit kayo ng mga tagapagturo.

⁷² Kapag dumating ang oras, sa pangunguna ng Diyos, kung maramdaman ko na si Orman Neville po rito ay di na kayang umabot sa kuwalipikasyon na maging pastor dito, sasabihin ko po ito sa iglesya. Kapag may makita akong isang bagay rito, na sa tingin ko ay kayo na mga diyakono ay di na kuwalipikado para maging mga diyakono, sasabihin ko po ito sa iglesya, na, "Natuklasan ko na may naturang diyakono rito na gumagawa ng isang bagay na di dapat niya gawin, at di siya nananatili sa kanyang nakaatang na tungkulin," at kung ano pa na parang ganoon, o sa isang katiwala man o kung ano pa. Hindi ko po puwedeng basta ihalal siya't italaga o tanggalin, ang iglesya po ang gagawa nito, pero tiyak po 'yan na sasaysayin ko ang bagay na 'yan sa harap ng iglesya. Kita n'yo, dahil 'yun ang nararapat na gawin. Yun nga ang dapat kong gampanan, isang tagakita, kinakailangan kong magmatyag at tingnan kung anu-ano ang nangyayari. Langit po ang patutunguhan natin, hindi sa kung saang lugar lang diyan na magtitipun-tipon lang ang mga tao o kung anong kasiyahan at magkukumusta-kumustahan lang, at maglalaro ng beysbol. Narito tayo na pinanghahawakan natin ang pinaka mabiyayang bagay na narito sa mundo, ang Salita ng Diyos, at kinakailangan na maisagawa mismo ito sa banal na kaayusan.

Sino po ba ang dapat na maging tagapagturo?

⁷³ Nasa inyo na 'yan kung sino ang pipiliin n'yo. Pero kung ako lang, ay para sa mga maliliit na mga bata, ang pipiliin ko ay 'yung may edad nang babae, 'yung may kakayahan na gawin 'yun. Pagkatapos sa mga kabataan naman, ang kukunin ko ay 'yung tagapagturo na istrikto, at hindi 'yung magpupunta lang dito at parang pumunta lang sa ihaw-ihaw. Ayos lang naman kung gusto nilang lumabas at magihaw-ihaw, pero dapat na ilugar ang lahat ng bagay nang sa gayon . . . Ilagay sa Salita, ang ilagay n'yo roon ay 'yung may kakayahan na dalhin ang Salita. At mangyaring, ang tayo ng iglesyang ito ay di lang para

sa . . . Mainam ang ihaw-ihaw na 'yan, at—at 'yang munti pong mga piknik na gusto n'yong makapagsama-sama kayo at kayo'y magbuklod-buklod, ayos lang po 'yan, 'yan—'yan nga'y puwede n'yong gawin para masiyahan ang mga bata. Pero dito sa lugar na ito *rito*, dito'y ang Salita dapat ng Diyos. Yang ihaw-ihaw ay sa labas po 'yan na nagsasama-sama kayo, o parang ganun, pero di po dapat dito sa bahay ng Diyos. At ang mga ito nama'y di lingid sa inyo, haya't alam na alam n'yong hindi ubra sa atin dito ang kahibangan ng—ng mga kasiyahan at lahat ng gaya nun sa paligid, na tayo—tayo . . . mas may higit kayong nalalaman kumpara riyon.

227. Sino po ang dapat mamahala sa Sunday school para panatilihin ito sa kaayusan?

⁷⁴ Ang tagapangasiwa po ng Sunday school. At 'yun nga ang tungkulin niya. Hindi niya tungkulin 'yung mga nasa diyakono, mga katiwala, mga pastor, o sa kung sino pang iba, siya kasi'y may sariling tungkulin. Sino man ang tagapagturo n'yo sa inyo ng Sunday school, di ko po alam. Pero ang bawat tagapagturo na 'yan ng Sunday school ay kinakailangan niyang matiyak na ang bawat klase ay nasa tamang kaayusan nito, at ang bawat tagapagturo ay naroon mismo, o kung wala sila ay dapat may hahaliling tagapagturo para sa tagapagturo na 'yun kung wala sila nung araw na 'yun.

⁷⁵ Pagkatapos bago magsimula ang Sunday . . . Habang nasa—nasa kasagsagan ng mga aralin, ang naturang tagapangasiwa ng Sunday school ay dadaan at kukunin ang mga kaloob na nilikom nila roon ('yung mga nalikom sa Sunday school), at 'yung ulat kung ilan ba ang naroon, ilang pirasong mga Biblia ang naroon sa isang klase roon, at kung anu-ano pa, at gagawa ng ulat tungkol dun. At pagkatapos tatayo siya sa harap ng mga tagapakinig bago magsimula ang gawain ng pangangaral, kapag ibinigay na sa kanya ang oras para gawin niya 'yun, na magbibigay ng ulat patungkol sa Sunday school kapag natapos na ang mga Sunday school, haya't iulat niya kung ilan ang mga tagapagturo, kung ilan ang mga dumalo, ilan sa kabuoan ang mga dumalo sa Sunday school, ang buong—buong halaga ng mga kaloob, at kung ano pang gaya nun. Ang mga diyakono, katiwala, pastor, ay di sila ang dapat na gumawa nun. Di nila 'yun trabaho, ang tagapangasiwa ng Sunday school ang siyang may tungkulin dun.

⁷⁶ At mangyari rin na kapag mapansin niya na ang Sunday school ay may mga bagay-bagay na kailangan, kanya nga itong ipresenta sa—sa harap ng lupon ng mga tagapangasiwa, at pagpupulungan ng mga tagapangasiwa ang tungkol dun, muna. At pagkatapos ang mga tagapangasiwa, kung nakita nilang may sapat na pondo naman at kung ano pa, ayon sa tagahawak ng salapi, kung ganoon ay maaari na 'yung bilhin; kung may

halimbawa gusto siyang babasahing-nilathala, o kung ano man 'yun, o mga Biblia o kung ano, na gusto nilang bilhan ang isa roon ng Biblia, alam n'yo, na pinaka magaling sa paghahanap ng mga salita at naka sisipi ng pinaka maraming Kasulatan, na papremyo o kung ano na ipamimigay nang ganoon, regalo, at gusto nilang bumili ng ganoon na ibibigay ng iglesya. Dapat na maipresenta ito sa mga—sa mga—sa mga—mga diyakono. . . at bigyan sila ng oras para malaman nila kung ito ba'y—kung ito ba'y—kung ito ba'y may pondo. Kita n'yo?

⁷⁷ At sa palagay ko ay nasagot naman ang limang katanungan na 'yan tungkol sa mga 'yan.

Ngayon ang kasunod, heto:

228. Kapatid na Branham, tungkol sa pagsasaayos ng iglesya, sinisikap nga namin na bumatay mismo sa pamamaraan na sa pagkakaunawa namin ay mga kaayusan na inilatag noon nung ang bagong simbahan na ito ay maihandog. At sa pagganap po namin, may ilan na nagagalit at umalis ng simbahan. At may ilan din na di nakikinig sa anumang sinasabi namin, lalo na po ang mga bata. Nakipag-usap na kami sa mga magulang tungkol sa kanilang mga anak, at di pa rin nila sila itinutuwid. Ngayon, kami po ba ang di nakaunawa? O, sa madaling sabi ay mali ba ang pagtugaygay namin dito? Salamat po.

Ngayon sige't sasagutin ko ito nang isa-isa ayon sa pagkaka sunud-sunod.

Tungkol sa pagsasaayos ng iglesya, sinisikap nga namin na bumatay mismo sa pamamaraan na sa pagkakaunawa namin ay mga kaayusan na inilatag noon nung ang bagong simbahan na ito ay maihandog.

⁷⁸ Ngayon, tama po 'yan, tama ang ginagawa n'yo. Ngayon, ito nga'y galing sa mga diyakono, sa pagkakaunawa ko, dahil dito ang tinutukoy rito, trabaho 'yan ng diyakono. Sige.

At sa pagganap po namin, malimit na kami'y . . . malimit na may ilan na nagagalit sa amin.

⁷⁹ Ganun din sila sa akin, siyanga! Ganun ang gagawin nila kahit sino pa 'yan. Kita n'yo? Ang isang tao na ganyan, may kung anong mali sa taong 'yun. Hindi sila husto sa Diyos, dahil ang Espiritu ni Cristo ay napapasailalim sa turo ni Cristo, sa bahay ni Cristo, sa pagsasaayos ni Cristo. Kita n'yo? At sino man na lalaki na . . . o babae man, o sino man, bata, na bigla na lang magagalit sa isang maka-Diyos na diyakono na nagsasabi lang naman sa kanila na . . . at, o sinumang magulang na bigla na lang magagalit sa isang diyakono . . . Sa totoo lang, hangad natin ang lahat ay maabot talaga natin sa iglesyang ito; pero kung 'yan lang naman ang pagmumulan ng kaguluhan sa isang dako sa kung saan, may tinik po o "may kuneho sa talaksan ng mga kahoy,"

gaya ng nakasanayan nating pagsasalarawan dito. Ang taong 'yun ay wala sa katuwiran.

⁸⁰ Kung aalis man sila, may isang natitirang bagay na lang na dapat gawin: hayaan n'yo lang silang umalis, at ipanalangin n'yo sila. Kita n'yo? Pagkatapos ay marahil may ilang diyakono ang magpupunta sa kanilang ig- . . . o, magpupunta sa kanilang bahay paglaon, at aalamin nila kung bakit sila umalis, at sila'y tatanungin kung ano bang problema. Pagkatapos, haya't kung sila'y. . . Titingnan nga nila kung puwede pa silang maibalik. Kung di pa rin, ay kumuha kayo ng dalawa o tatlong mga saksi na sasama sa kanila, para mas malinaw sila na maunawaan. Tapos kung di pa rin maunawaan, haya't sasabihin nga 'yun sa harapan ng iglesya kung sila'y kasapi rito sa iglesya. Tapos sila nga'y. . .

⁸¹ At kung mangyari naman na di sila kasapi sa iglesya, dahil sa di nga sila miyembro ng kongregasyon dito, kinakailangan na *ipaintindi* sa kanila na dapat silang magpasakop. Kita n'yo, sila—sila nga'y dapat na makinig sa mga kaayusan dito, dahil ito ang pagsasaayos ng iglesya. Itong mga bagay ngang ito'y mga bagay na di natin ibig gawin, mga bagay na di ko ibig gawin, pero ito nga'y mga bagay na dapat gawin. At inilalagay ko nga ang sarili ko rito sa prontera: at sinasabi ito sa kanila sa pamamagitan ng teyp na ito, ako po, ako ang naririnig nila na nagsasalita rito't nalalaman nila na ako ito, hindi kayo na mga kalalakihan. Tinatanong n'yo sa *akin* ang mga katanungang ito, at sinasagot ko ito sa inyo sa mainam na naaabot ng kaalaman ko mula sa Salita ng Diyos.

⁸² “Ngayon, kung ang mga taong 'yun ay nagagalit at lilisanin ka, ano ba ang sinasabi ng Kasulatan tungkol dito, Kapatid na Branham?”

⁸³ “Sila'y nagsilayo mula sa atin dahil sila'y hindi sa atin.” At 'yun na 'yun. “Linisan ang iglesya,” 'yun nga ang ginawa nila. Sige po.

May ilan na di nakikinig sa anumang sinasabi namin, lalo na po ang mga bata.

⁸⁴ Dapat na nalalaman ng mga bata kung ano ang disiplina, sa bahay pa lang ay dapat na nadidisciplina na sila. Pero kahit na nga mismo sa mga anak ko, 'yung mga anak ko sa pagpunta nila rito ay may pagkakataon, na nagiging magulo sila, di ko gusto na para bang nagagapusan kayo; si Sarah man, Rebekah, Joseph, Billy, o sinupaman 'yan. Sabihin n'yo sa akin, titiyakin ko 'yan. Kung di nila talaga kayang manahimik, kung ganun ay di na sila muna papupuntahin dito sa simbahan hanggang sa matuto sila na magpakabait. Hindi po ito arena, bahay po ito ng Diyos. Hindi po ito lugar kung saan puwedeng maglaro-laro, at magpapa dausdos pa, at magsusulat-sulatan, at magtatawa,

at maglilikut, ito po ang bahay ng Diyos; dapat na maka-Diyos ang pag-aasal dito.

⁸⁵ Nagpupunta po kayo rito para sumamba, ni hindi nga para mamasyal lang. Di po ito—di po ito dako sa pagpi-piknik, hindi ito dako ng pamamasyal; ito ang dako ng pagdalaw ng Espiritu Santo, pakinggan n'yo kung ano ang ipinapangusap Niya, hindi 'yung magkukuwento-kuwentuhan kayo sa isa't isa. Di po tayo naparito para makipaglakip sa isa't isa, naparito tayo para kay Cristo makipaglakip. Ito po ang bahay ng panambahan. At ang mga bata ay dapat na dinidisciplina, at kung kinakailangan nga nila . . . ng mga magulang mismo. Sige't pagkaunawaan n'yo na kung ang mga diyakonong ito . . . kung ang mga magulang ng mga bata ay di makikinig sa sinasabi ng mga diyakono, ang mismong mga magulang ay nangangailangan ng pagtatama sa kanilang sarili.

Nakipag-usap na kami sa mga magulang tungkol sa kanilang mga anak, at di pa rin nila sila itinutuwid.

⁸⁶ Kung sila'y mga miyembro sa iglesya, ay magsama kayo ng dalawa o tatlo at ipatawag n'yo ang magulang na 'yun sa isang pribadong pakikipag-usap, diyan sa isa sa mga tanggapan dito. Di ko alintana kung sino man 'yan, maging ako man, kung si Kapatid na Neville man, kung si Billy Paul at ang munti niyang anak na lalaki, kung si Kapatid na Collins man at isa sa mga anak niya, o kung sino pa man sa inyo. Tayo nga'y . . . Oo't ating iniibig ang isa't isa sa atin, pero may obligasyon tayo sa Diyos at sa Salitang ito. Kahit na si Doc pa 'yan, na . . . kahit sino pa man 'yan, kinakailangan nating kunin ang pansin ng isa't isa at maging tapat sa isa't isa. Paano makikipag-ugnay ang Diyos sa atin, kung sa atin-atin pa lamang ay di na tayo tapat sa isa't isa? Paano tayo magiging tapat sa Kanya? Kita n'yo?

⁸⁷ Isa po itong pagsasaayos, kinakailangan nating mapanatili sa ganoon ang bahay ng Diyos! At ang mga diyakono ay dapat na alam nila kung paano ito isasagawa. Kita n'yo? At 'yan ang dahilan kung bakit sinasabi ko ito sa inyo ngayon, para inyong mapanatili sa pamantayan ang mga bagay-bagay. At kaya kung ganito, na sinasabihan n'yo na 'yung mga magulang at di pa rin sila nakikinig dito, di nila ito pakinggan, mangyaring kumuha na kayo ng isa pang diyakono o isa sa mga katiwala, o kung sino mang mabuting tao sa iglesyang ito, at ipatawag . . . dalhin n'yo ang kati- . . . Dalhin n'yo ang lupon ng mga diyakono, lahat ng mga diyakono n'yo at isama, sabihin, “Kapatid na Jones, Kapatid na Henderson, Kapatid na Jackson,” o kung sino man, kita n'yo, “ang mga anak nila ay di kumikilos nang naaayon, sinabihan na namin sila nang dalawa o tatlong beses tungkol sa kanilang mga anak, at di pa rin sila nakikinig.”

⁸⁸ Mangyari ngang tatawagin n'yo si Kapatid na Jones dun, o si Kapatid na *Kung-sino-man*, at sasabihin n'yo, “Kapatid na

Jones, ipinatawag ka po namin sa pag-uusap na ito. Mahal ka namin, at kami'y . . . ikaw nga'y bahagi namin, isa ka sa amin. Sige't iparirinig ko lang ang teyp na ito at pakinggan mo lang ang sinasabi ni Kapatid na Branham patungkol dito, kita mo. Ngayon, sinabihan ka na namin noon na sikapin mong kikilos nang tama ang mga anak mo. Kita mo? Kung di nila magawang kumilos nang naaayon, at di mo talaga sila magawang tumino sa simbahan, iwanan mo sila sa kung sino habang ikaw nama'y dadalo sa simbahan hanggang sa matutunan nila kung papaano ba ang tamang asal sa loob ng bahay ng Diyos." Kita n'yo? Mangyari ngang ito ang pagsasaayos, kinakailangan na gawin ito! Kita n'yo?

Ngayon, may isa pang katanungan na kadugtong.

Ngayon, kami po ba ang di nakaunawa?

⁸⁹ Hindi, po. Hindi kayo ang di nakaunawa, ganoon po. Sige't sasabihin ko po uli, mga pagsasaayos. Sa hukbo nga, di ka nila tatanungin dun, "*Maaari mo bang gawin ang naturang bagay?*" Kung nasa isang hukbo ka, ikaw nga'y *inoobliga* na gawin 'yun. Kita n'yo? At ganoon din ito sa . . . Ako'y *inoobliga* na ipangaral ang Ebanghelyo. *Inoobliga* ako na tumindig para Rito kahit na ano pa ang sabihin ng kapwa ko kalalakihan at mga kapatiran at kung sino-sino pa patungkol Dito, ako po'y may obligasyon na gampanan ito. Makakasakit at makakasakit po talaga ako ng mga damdamin at mababaak ko ang ilang mga kalalakihan na magpira-piraso ang damdamin, pero akin lamang na . . .

⁹⁰ Di n'yo nga gugustuhing matulad kay Oswald. Kita n'yo? Kung di n'yo nga magagawa na kahit tutol kayo sa isang tao at sa mga bagay-bagay, at kakamayan pa rin siya at ganoon pa ring kagaan ang pakikitungo n'yo sa kanya, may bagay ngang mali sa inyo. Kung di ko nga magagawa na kahit tutol ako sa isang tao (na malayo po talaga, parang mula sa panig na ito hanggang dun sa kabila) at ang pakikitungo ko sa taong ito ay kung paano—kung paano si Cristo noon, kung ganoon ay may kung anong mali sa espiritu ko, hindi ko taglay ang Espiritu ni Cristo. Kita n'yo?

⁹¹ Kung sasabihin niya, "Buweno, Kapatid na Branham, ako—ako'y naniniwala na 'yung pangangaral mo ay *ganito, ganoon.*"

⁹² "Ayon lang 'yan, kapatid, sige't mag-usap tayo para ito'y bigyan ng katuturan, ikaw at ako. Usisain natin ito. Pumunta tayo sa isang silid dito na makapagsarili tayo, bibigyan natin ito ng katuturan." At kung baakin man niya ako na magpira-piraso ang damdamin ko, at may masasabi rin ako sa kanya. Kung sa puso ko ay hindi na ganun ang nararamdaman kong pakikitungo sa kanya, na "siya'y kapatid ko pa rin at sinisikap ko lang na tulungan siya," kung ganoon ay hinding-hindi ko siya matutulungan, walang paraan para matulungan ko siya. Kung di ko siya iniibig, ano pa ngang dahilan at nagtungo ako roon? Sabihin na agad sa kanya, "Sa una pa lang, Kapatid, ay wala

na akong pagkalugod sa iyo, at itulot mo na maiwaksi ko muna 'yan palabas ng puso ko bago tayo magtungo roon, dahil hindi kita matutulungan maliban na ibigin muna kita.”

⁹³ At tama po 'yun, at ganyan po dapat. Kita n'yo, ganoon ang ipagpatuloy n'yong gawin, magagawa n'yo 'yun nang saktong tama, sa paraan na dapat ay ganoon 'yun. Hindi nga kayo ang di nakaunawa.

Mali ba ang pagtugaygay namin dito?

⁹⁴ Hindi, 'yan po ang tamang pagtugaygay rito. Panatilihin ang kaayusan! Dahil di naman 'yan maiwasan. . . Ngayon, ang mga maliliit na mga bata't mga nanay, mga munting sanggol at iba pa, sila—sila nga'y magsisiyakan ano't anuman, at kung ang pag-iiyakan nila ay masyado na't nakaiistorbo na sa pastor n'yo sa itaas, alalahanin n'yo, kayo ang mga bodyguard niya, kayo ang mga bodyguard niya sa Ebanghelyo. Kita n'yo? At kung 'yun nga'y nakagagambala na sa mensahe ng Panginoon, kung ganoon kayo na mga diyakono, ano po ang dapat n'yong gawin? Katulad nga sa, isang lalaking nagsasalita sa iba't ibang wika, siya'y may obligasyon. At sa isang lalaki na nangangaral, siya'y may obligasyon sa Salita, siya'y may obligasyon sa mga bagay na ito. Ang bawat isa sa inyo ay may obligasyon sa isang partikular na katungkulan, at 'yan—at 'yan ang dahilan kung bakit tayo'y—tayo'y narito para gampanan 'yan.

⁹⁵ Ngayon, ayaw nating magtagal, at sa palagay ko ay may pakikipagkita pa ako sa ilang mga minuto, kaya susubukan ko—susubukan kong mapadali na ito sa abot ng makakaya ko.

229. Kapatid na Branham. . .

May tatlo, dalawang katanungan sa card na ito rito.

Kapatid na Branham, ano po ba ang tamang patakaran ng pagkuha ng mga kaloob sa iglesya na ibibigay para sa isang tao? Papaano po ba ang tamang pamamaraan dito?

⁹⁶ Sa palagay ko ay di dapat kumukuha ng kaloob na ibibigay para sa isang tao maliban na lang kung ito'y para sa inyong pastor. At sa palagay ko kung may dudulog na manghihingi ng abuloy, o parang ganoon, na . . . O 'yung tao ay—ay talaga pong matindi ang pangangailangan, kagaya na lang ng isa sa mga kasamahan natin dito, sa ating kongregasyon, sabihin na lang natin na isa sa mga kapatid natin, at talagang nasa kagipitan sila; buveno, sa tingin ko sa bagay na 'yan ay inaanunsyo 'yan dapat sa may entablado, at ang pastor dapat ang gagawa nito, sa tingin ko ay siya ang may tungkulin na gawin 'yan; na 'yung kapatid na nangangailangan ng kung ano, ang pastor ang dapat na magpresenta nun sa iglesya, kung nais itong matugunan sa ganoong paraan.

⁹⁷ Pero kung may isa na nangangailangan at—at mangyaring di n'yo gustong idaan sa paglilikom para sa taong 'yun na may

pangangailangan, ang gawin n'yo nga'y ang mga lupon ay sila'y magtitipon at pagkakasunduan nila 'yung partikular na halaga na gusto nilang ibigay dito sa tao mula sa pondo. Pero kung ang pondo ay kapos po sa panahon na 'yan at di nila kayang matustusan 'yun, lilikom na talaga ng kaloob, buweno, na ang—ang . . . mangyaring pag-usapan 'yun sa lupon, iaatas sa pastor, at ang pastor nga ang hihiling sa naturang bagay. Halimbawa, “Ngayon, ngayong gabi (Ang ating Kapatid na Jones, siya ay nasangkot sa isang—isang matinding sakuna, nasunog po ang tinitirhan niya.), at kaya sa gabing ito, bilang mga Cristiano, tayo'y nagbubuklod, na ang bawat isa ay maglalagak ng ano man na maibibigay nating tulong para kay Kapatid na Jones na maibalik sa kanyang tinitirhan uli.” Kita n'yo, o—o kung ano po. Kita n'yo, gawin na— . . . 'yun po ang gawin natin. Ipadan ang pagsasabi nun sa entablado, ganoon po ang pamamaraan para gawin 'yun. At pagkatapos sige't kunin na ang ilalagak na mga tulong, at pagkatapos ibigay 'yun sa tagahawak ng salapi ng simbahan. At itong mga nailagak na mga tulong ay ibibigay sa pamamagitan ng tagahawak ng salapi ng simbahan, at 'yun ay ibigay dun sa tao. At—at bigyan din 'yung tao ng kasulatang tinanggap 'yun, dahil di ko lang alam kung may mababawing buwis dun o wala; basta para po sa ganoon.

⁹⁸ Ngayon, pero pagdating naman sa halimbawa isang—isang estranghero na dudulog dito—isang estranghero na dudulog na marahil siya'y . . . may lalaki na paparito, magsasabi, “Buweno, alam n'yo po? Ako—ako—ako nga'y bumibiyahe at sumabog 'yung isang gulong ko, at gusto ko po sana ng bagong gulong. Ako po'y likuman n'yo sana ng kaloob ngayong gabi para sa bagong gulong.” Ngayon, di po 'yun dapat gawin. Hindi, di po 'yun dapat gawin. At kung 'yung pangyayari nga'y—kung 'yung pangyayari ay makatwirang bagay naman, na nangyari sa isang tao na kakilala n'yo, ang lupon nga'y maaaring magpulong at magtalaga ng partikular na halaga ng pera na kukunin mula sa tagahawak ng pera para bilhan ang lalaking 'yun ng gulong o kung ano man 'yun. O kung kapos naman ang pera sa pondo, mangyaring pagkasunduan ito ng lupon na itong . . . Di po ang pastor ang gagawa n'yan, ang—ang mga diyakono ang dapat na umasikaso rito, kita n'yo, o ang mga lupon. At ngayon kung ito nga'y . . . Kung napagkasunduan na, dun pa lamang 'yun iaatas sa pastor, ang pastor po ang kukuha ng kaloob. Pero, pansinin n'yo, kung isa pong estranghero, tapos kailangang-kailangan agad, na 'yung tao ay nangangailangan ng kaunti lang namang pera at nararamdaman n'yong makatwiran ang pupuntahan naman nun, (ngayon opinyon ko lang ito), kung para talaga sa isang makatwirang bagay at alam n'yo na para sa makatwirang bagay 'yun . . .

⁹⁹ Ngayon, una, kung magpupunta kayo roon at titingnan n'yo 'yung mga libreta ko sa bahay, ng mga taong dumadaan dun at

nagsasabi, “Ako si Reverend *Ganito-at-ganoon* mula sa *ganito-ganoong* iglesya, at ako’y—ako’y nagkaroon ng aberya sa daan sa pagpunta rito, at ako’y—ako’y nangangailangan ng bagong mga gulong,” at alam ko na kagagaling ko lang mula sa isang pagtitipon at nabigyan ng kaloob, o parang ganoon, ibibigay ko ’yun sa kanya, halos lahat, para makabili siya ng bagong mga gulong. At sa pagtingin ko naman dun sa tala ng mga dumalo, ay wala namang ganoong ministro, walang ganoon na nakatira sa sinasabing lugar daw. At nasa sampu o dalawampung libong dolyar na ang nakalista dun sa mga libreta na mga naiabot ko nang pera sa maraming mga taon na nagdaan na naibigay ko sa ganoong paraan, sila nga’y di ko kakilala’t di ko rin alam kung taga-saan ba sila talaga. Malalaman ko na lang, sasabihin ng ibang mga ministro, “Naku, nahingan din ako ng taong ’yan para sa *ganito-at-ganoon* at *ganito-at-ganoon* daw.”

¹⁰⁰ Ngayon, di na ’yan kargo ng iglesya, ’yung mga miyembro lang niya. Siyanga. Doon lamang sa mga miyembro nila, ang kargo nila.

¹⁰¹ Pero kung may makatwirang dahilan talaga, at kung kayo naman, ang, kung ’yung mga katiwala n’yo na ang magsasabi, “Buweno, ngayon sandali lang. Ang taong ito, *hayan* nga siya, nandun ’yung kotse niya, ’yun nga’y, nangyari talaga, at *hayan* nga. Di man siya kasapi sa kongregasyon natin, kita n’yo, pero totoo.” Ngayon kung gusto nilang tumulong sa ganung paraan, at may mahalaga silang sasabihin para sa taga-labas na ito . . .

¹⁰² Ngayon hindi po miyembro rito, siyanga, kita n’yo, hindi po kasapi sa atin dito, dahil ’yung mga kasamahan natin dito ay sila nga’y dapat na asikasuhin dito ng kanilang—kanilang mga kasamahan, kanilang mga kapatid dito, kita n’yo.

¹⁰³ Pero kung taga-labas, at sinasabi nung tao na siya’y gutom o . . . at may isa riyang na nais bumunot sa kanyang bulsa at bigyan ang tao ng kawang-gawang tulong, nasa sa inyo na ’yan, pero ang sinasabi ko rito ay ’yung kukunin mula sa iglesya mismo. At pagkatapos kung ang mga miyembro sa iglesya ay *hihilangan* na magbigay, kung ganoon . . .

¹⁰⁴ Ngayon, kung sa ebanghelista n’yo, *hayan* nga, na paparito para mangaral, kung ganoon ay kumuha kayo . . . inyo . . . alam na ’yan na bago siya dumating, alam n’yo, na bibigyan n’yo siya ng kaloob, o bibigyan siya ng kita, o anuman ’yan sa kanya.

¹⁰⁵ Pero kung ’yung tao nga ay naparito, at para naman talaga sa mahalagang bagay, haya’t ang pastor . . . at napagkasunduan ito ng lupon at naipagbigay-alam sa pastor, kung ganoon ’yung pastor po ang magsasabi, “Si *ganito-ganoon* ay nakaupo rito ngayon, hindi natin kakilala ang lalaki, sumadya po siya rito at hihiling niya sa atin na . . . sinasabi niya na ang mga anak niya ay gutom na gutom. Wala po tayong sapat na oras . . . wala tayong

sapat na oras para usisain pa ang—ang—ang—ang—ang sinasabi niya.” Kita n’yo?

¹⁰⁶ Kung may ganyang pangyayari, ang ating—ating. . . Kung may ganyang pangyayari sa atin—atn dito, uusisain ng ating—ating mga diyakono ang mga sinasabing ganyan. Kita n’yo? At kung mahalaga naman talaga, gawin n’yo. Kung di mahalaga, huwag n’yong gawin, di kailangan. Pero ngayon kung isa po’yung tao, sige’t—sige’t ipasabi n’yo sa pastor, “Ngayon, sinabi sa akin ng lupon ng mga tagapangasiwa na di nila kakilala ang taong ito. Pero narito pong nakaupo ang tao, ang sabi niya ang pangalan po raw niya ay Jim Jones,” o kung ano man, “at siya po’y nakaupo rito. Maaari ka bang tumayo, G. Jones? Ngayon, G. Jones, sa dulo po ng gawain, tumayo ka lang dun sa likod sa may pintuan, sa paglabas mo. At kung mayroon sa mga narito na may udyok kayo sa inyong puso, o kung ano na gusto n’yong ibigay para sa lalaking ito, ibigay n’yo po sa kanya sa paglabas n’yo.” Nauunawaan na po ba, ngayon?

¹⁰⁷ Nairekord mo ba riyan? Sa mga nasa teyp. . . At isa po sa mga. . . Napalampas ito ni Kapatid na Collins sa kanyang teyp. Gusto ko pong ulitin ang pahayag na ’yan uli kung. . . dahil isa po siya sa ating mga diyakono.

¹⁰⁸ Kung—kung mayroon po, na isang tao na lalapit sa inyo na inyong. . . at nasa kagipitan at nagnanais siya ng kaloob mula sa iglesya, papuntahin n’yo po ang mga tagapangasiwa at mga diyakono na sila’y magpulong, at gawin n’yo. . . magpulong po kayo, at pagdesisyunan ito, at pagkatapos ay sabihin sa pastor nang sa gayon ay magawa ito sa *ganitong* paraan. Ipasabi po sa kanila. . . Ipasabi n’yo sa pastor, na, “Itong isang lalaking ito,” banggitin ang pangalan nung tao, “di natin siya kakilala. At ang patakaran natin dito ay usisain muna bago tayo kumuha ng kaloob para sa isang tao, at, ’yan nga’y, sa mga miyembro natin. Pero heto nga ang isang lalaki rito, sinasabi niya na siya ay hikahos, agaran ang kanyang pangangailangan, may sakit ang kanyang mga anak, siya, sinusubukan niyang makabili ng gamot para sa kanyang mga anak,” o kung ano man, ’yung biglaang pangangailangan. “Ngayon, heto po siya. Maaari ka bang tumayo, ginoo?” Kita n’yo, at patayu in n’yo ’yung tao. At sabihin, “Ngayon nakita n’yo na kung ano. . . kung sino siya. Ngayon, sa dulo po ng gawaing ito at tatayo roon ang lalaki sa may bungad na pintuan, at sa paglabas ng mga tao, ’yung mga may udyok na tumulong, malaya n’yo pong gawin; inaanunsyo lang natin ito sa simbahan.” Hindi po inuutos ’yun, inaanunsyo n’yo lang. Kita n’yo, ganyan nga ang tamang pagtanggap sa isang estranghero. Kita n’yo? Nauunawaan n’yo na ba ngayon? Sige po.

¹⁰⁹ Sa palagay ko ay nasagot na ang katanungang ’yan.

230. Papaano naman po ang tungkol sa mga teyp? Ngayon. **Mangyaring . . . Papaano naman po ang tungkol sa mga teyp?** May tandang pananong po rito. **Mangyaring, marami ang lumiliham sa opisina at kinukuwestyon ang proseso patungkol sa mga teyp. Tapos, tungkol din sa mga taong nasa iglesya na nagbebenta ng mga teyp, kung kinakailangan bang magbayad si G. Maguire ng porsiyento sa pagbebenta nito.**

¹¹⁰ Buweno. Ang mga teyp po ay nakakontrata. At kung akin ngang . . . Di ko po alam kung kailan eksaktong matatapos ang kontrata, mangyari kasing sa mga katiwala, sa mga katiwala ng usaping ito; hindi po sa mga diyakono, sa mga katiwala; hindi sa pastor, sa mga katiwala po. Ang mga katiwala po, sa tuwina 'yan, sila'y—sila'y sumusulat ng kontrata, sa akin pong pagkakaunawa. At kung di po ganoon—di ganoon, sige't itama lang ng mga katiwala. Ang mga katiwala nga'y may kasunduan sila sa tao na gumagawa ng mga teyp na ito, at ang mga teyp ay may prangkisa.

¹¹¹ Walang kahit sino ang puwedeng gumawa ng mga teyp maliban na bigyan siya ng pahintulot nung tao na may hawak nung prangkisa, at di maaaring ibenta ang mga ito maliban na pahintulutan sila nung taong may hawak nung prangkisa, dahil 'yun ang batas, kita n'yo, na dun dapat talaga sa may hawak ng prangkisa rito. Kita n'yo? At kung 'yung lisen- . . . 'yung tao na may hawak nung prangkisa ay gusto niyang payagan si *Ganito-at-ganoon* na gumawa ng teyp, diskresyon na niya 'yun. Kung gusto niya na ang lahat ay gumawa ng teyp, diskresyon na niya 'yun; kung gusto niyang ang lahat ay magbenta ng mga teyp, 'yung desisyon dun ay nandun na sa tao na may hawak nung prangkisa. Ang isang tao ay kailangan na may—may munting kasulatan na pirmado ng may hawak ng prangkisa, para siya'y makagawa at makapagbenta ng mga teyp, dahil sa ganoon lang siya walang pananagutan sa batas. Dahil kung wala nga siyang ganun, 'yung tao, na may prangkisa para dun . . . Mananagot po kayo, mismo, dun sa . . . (Kung may—may masamang-pakay na tao na gustong gumawa ng ganoong gusot, haya't magagawa't magagawa niya ang ganyan.) pero puntahan n'yo nga 'yung may prangkisa, dahil para'yang copyright, kita n'yo, ganoon po 'yun. Wala kayong kapahintulutan na gawin 'yun; malaki po ang multa kung gagawin n'yo 'yan.

¹¹² Kaya kung may mga tao na gumagawa ng mga teyp, siguro ay may kasunduan sila mula po kay G. Maguire na—na siyang may . . . na—na nakakakuha ng porsiyento mula sa mga teyp na ito. At ngayon . . . at wala po akong masyadong nalalaman dito, dahil di po ako nakalagi nang matagal dito kasama n'yo para malaman ang mga bagay-bagay na ito, at kung sinu-sino kaya ang tinutukoy rito. Sa palagay ko ay nakay G. Maguire pa rin ang prangkisa para rito, dahil doon po sa ibang lugar, ako po'y

nagpunta ng California o Arizona, kung saan naroon ako, at sa pagkakaunawa ko ay bumibili pa rin sila ng mga teyp mula sa California. Si Kapatid na Sothmann po, ang biyenang lalaki ni G. Maguire, na kapatid natin sa iglesya rito. Sa palagay ko ay nakay G. Maguire pa rin ito, 'yung—'yung prangkisa para rito.

¹¹³ At ngayon, may mga reklamo nga sa tuwina patungkol sa proseso ng mga teyp na ito. Ngayon, kung may reklamo o anumang bagay patungkol sa pinansyal ng simbahang ito, obligasyon ng mga katiwala na tiyakin na ang bagay na 'yan ay maipaliwanag. Kita n'yo? Nararapat na dapat wala, na kahit na ano, na anumang kuwestiyonable rito.

Ngayon makikita n'yo rito, ang sabi rito sa kard na ito, na:

Lumiliham sila sa opisina at kinukuwestyon ka.

¹¹⁴ Sa totoo lang, napakarami kong natatanggap na mga liham patungkol dito, at gusto nilang malaman kung bakit hindi nila nakukuha 'yung mga teyp nila. Ngayon kayo mismo ang may alam ng kontrata n'yo sa taong may hawak ng prangkisa rito, sa pagkakaunawa ko. . . Yang mga teyp, gusto ko—gusto ko sanang labas ako sa usaping 'yan, mismo, pero kung ang layunin ay magamit mismo ang teyp para sa paglalaganap ng Ebanghelyo, "Amen!"

¹¹⁵ Pero, sa una, sina Kapatid na Roberson at sila ang nauna sa paggawa ng mga ito, sina Kapatid na Beeler at ang ilan pa sa kanila na nagsimula na ring gumawa nito; at pagkatapos 'yung dalawang kalalakihan, sina Kapatid na Mercier at Kapatid na Goad, taon din ang binilang sa paggawa nila ng mga ito; at, di po talaga maiiwasan, na nung ang bawat isa sa kanila ay may kanya-kanyang gawa ng mga ito, may mga reklamo. Pero, ito ngang nito-nito lang, may malaking reklamo patungkol naman sa di nila nakukuha ang kanilang mga teyp. May mga tao na tumatawag sa akin mula sa iba't ibang panig ng bansa. At mayroon pa ngang isa, na, tumatalon daw 'yung mga teyp na bigla na lang iba na ang ipini-play, at lalaktaw sa isa, iba na namang bahagi nung teyp, at kaya di nila maintidihan kung ano na ang naroon.

¹¹⁶ Ngayon, ang mga taong ito na nagbabayad para sa kanilang teyp ay dapat orihinal na teyp ang tinatanggap nila. Di ko alam kung ano ang dapat nilang gawin para maisagawa 'yun, basta gusto natin na ang ating mga tagatangkilik at mga kapatid (sila nga'y ating mga tagatangkilik at mga kapatid na rin, siyanga), narapat po lamang na ang natatanggap nila ay "A-bilang-isa" na teyp. Ngayon, kayo na mga tagapangasiwa ay siguraduhin n'yo 'yun, na ang mga taong ito'y masisiyahan sila. Kung di po sila nasiyahan, kinakailangan na maibalik mismo ang pera nila agad-agad.

¹¹⁷ At may mga tumawag na sa akin, at sinasabi nila na ilang buwan na ang paghihintay nila para dumating ang mga teyp.

Ngayon, di ko po alam kung paano ito reresolbahin ni Kapatid na Maguire. Di ko—di ko po alam ang gagawin dun, dahil wala po akong nalalaman tungkol dun. At ako. . . Di na saklaw ng tungkulin ko ang busisiin pa ang tungkol dun, tungkulin niya 'yun kasama ng mga tagapangasiwa. At di ko tinatangang makialam, pero sinasabi ko lamang kung ano ang batas tungkol dito. Kita n'yo? Ang batas nga tungkol dito ay 'yung mga teyp, mula sa araw na iorder ang mga ito, ang mga teyp na 'yan ay dapat na inihahatid na sa loob ng isang araw, o tatlo, o apat, o limang araw; pagkatapos na umorder sila ng teyp, kailangan ay ipinapadala na agad sa pamamagitan ng koreyo o kung hindi ay makakansela po ang subskripsyon anumang oras kapag ang mga order ay di nasunod. Kita n'yo?

¹¹⁸ Ngayon, at bawat anim na buwan o isang taon, dapat na panibago na uli ito, 'yung kasunduan ay dapat panibago uli. Kinakailangan n'yong makipagkita sa *nakasaad* mismong petsa na sinasabi rito sa prangkisa na dapat kayong makipagkita. At napaka halaga, na, 'yung ibang mga tao na dapat na magpunta sa isinaad na petsa, mangyari nga na ipaalam ito dun sa tao na nagtatanong tungkol dun sa mga teyp, at magkaroon ng pag-uusap patungkol sa bagay na dapat pagkasunduan at upuan 'yun at pag-usapan.

¹¹⁹ Ngayon, kinakailangan na maihatid ang mga order! Kita n'yo? At kinakailangan na tama ang pagpapadala, dahil may reklamo na rito. Nagreklamo sila kina Leo at Gene, nagreklamo na sila sa lahat, may nagreklamo rin kay Kapatid na Maguire, at bawat isa nga'y makatatanggap ng reklamo, pero tingnan nga natin kung ano ba itong inireklamo.

¹²⁰ Ngayon, mangyari ngang kapag ang mga teyp ay unti-unti nang tumatambak, kahon-kahon, ang mga liham nga'y dating nang dating dose-dosena, at sila'y. . . Kita n'yo, ang bunton nga ay di dun sa gumagawa ng teyp, sa akin po. Tanong sila nang tanong sa akin tungkol dun. Ngayon, tungkulin ko bilang isang Cristiano na makuha nila kung ano ang bagay na binabayaran nila, at gusto ko na kayong mga katiwala ay tiyakin mismo na talagang nakukuha nila 'yun. Kung maniningil sila nang mas mahal, para makagawa ng mas kalidad na teyp, makakuha ng mas kalidad na makina, gusto nga nating ang gagawa ay 'yung talagang kalidad gumawa ng mga teyp. Yan ang dapat nating isaisip. Ang teyp ay dapat na kalidad ang pagkakagawa! At kinakailangan na masiyahan ang tumatangkilik, o kung hindi'y itigil na lang nang tuluyan ang paggawa ng mga teyp, hindi na tayo gagawa ng teyp, hayaan na lang natin na gawin na lang 'yan ng mga may gusto. Mangyari kasing kung maniningil kayo para sa mga 'yan, siguraduhin dapat nila na 'yung makukuha nila ay akma talaga sa ibinabayad nila, dahil ganyan po mismo ang pagiging Cristiano. Hindi 'yung bahala na lang. . .

¹²¹ At sa panahon nga na nagpupunta sila rito para makinig sa Ebanghelyo, gustung-gusto ko talagang maibigay sa kanila ang pinaka mainam na nalalaman ko na paraan para maibigay ito sa kanila, kita n'yo, at sa panahon na magpupunta sila rito ay gusto ko na kayo man ay tinitiyak n'yo na ang bawat isa at ang bawat bagay ay naisasagawa nang maayos. Yan po ang dahilan kung bakit sinasabi ko sa inyo na mga diyakono, mga katiwala, at mga pastor, na narito sa gabing ito, na tiyak n'yo na inyo ngang matutupad ito sa pinaka letra, dahil ang mga tao nga'y nagpupunta rito para sumpungan ang Diyos, at kinakailangan talaga nating maisagawa ang mga bagay na ito sa tamang ayos.

¹²² At ganoon din na ang mga teyp ay kinakailangan mismong mailagay sa ayos. Kung maniningil sila nang mas mahal, tapos ang kanilang inilalabas na mga teyp ay segunda-klase, dapat silang gumawa ng mas kalidad na mga teyp. Kung sila nga'y magpapataw ng mas mataas na singil para sa teyp, mas mahal ang singil nila para rito, haya't ibigay sa tao ang kalidad na sinisingil sa kanila.

¹²³ Hindi ko po pinag-iinteres ang kahit na katiting man na porsiyento ng pinagbebetahan, ni isang kusing, at maging ang tabernakulo ay di nag-iinteres; ayaw ko pong maging ganoon kayo. Huwag kayong mag-interes dun, sa—sa mga porsiyento. Kung magbibigay sila, sa palagay ko ay may ibibigay na kaunti pong porsiyento yamang ginawa po 'yun dito. Sa palagay ko ay 'yun ang pagkakasabi nila, ni G. Miller, at ng iba pa, patungkol dun sa batas, na tayo, ay makakakuha ng porsiyento o parang ganun. Kayo na po ang umusisa sa kabuoan nun. Hindi na ako, labas na po ako sa—sa kung ano ang pinagkasunduan; kayo na po ang umusisa sa kabuoan nun. Di ko po kayang asikasuhin ang lahat ng 'yun, sinasabi ko lang sa inyo ang paraan kung papaano ang dapat at papaano ang dapat na pamamalakad. Na . . . Inyo naman sigurong nauunawaan, ang pagkakasabi ko na “dapat na pamamalakad.” Hayan nga't hinahangad natin na mapalakad ito nang tama.

¹²⁴ At kung kinakailangan nilang kumuha ng mas kalidad na makina para gawin 'yun, sige po't kumuha ng mas kalidad na makina. Kung kinakailangan na . . . Ngayon, binanggit ko na ito sa mga tao roon, ang sabi ko, “Bawat pagti- . . . pagmimisyon na hinahayuan ko sa labas, bago ako magpunta, sasabihan ko na kayo agad kung anong pangangaral ang ipangangaral ko dun, bagay na aking . . .” At naipangako ko na ito sa inyong lahat, na uulitin ko uli sa Linggo ng gabi, na, “Bago ako mangaral ng anumang bagong mensahe, manggagaling 'yun unang-una rito sa tabernakulo, dahil parang mas maganda ang dating kapag dito nila inirerekord.” Naalala n'yo? Pagkatapos sa pagpunta ko rito, ipangangaral ang aking mga mensahe, pagkatapos ay babaling at ipaaalam sa mga kalalakihang nagrerekord ng teyp kung aling gawain. Tatanungin nila ako, “Alin po roon? Ano po

ang ipangangaral mo?” Sasabihin ko sa kanya, “Sa gabing *ito* ang ipangangaral ko ay ‘yung *ganito-ganoon*, sa gabi namang *ito*, ‘yung *ganito-ganoon*,” nang sa gayon mapaghandaan nila at maprepara para makuha ‘yun nang maayos ng tagatangkilik sa dako roon; maayos na maibigay ‘yun sa kanila, mas kalidad na teyp kaysa dun sa nairekord sa pagtitipon, dahil ‘yung teyp ay nairekord nang maayos dito sa tabernakulo kung saan ang dating ng tunog ay napaka inam. Kita n’yo?

¹²⁵ Ngayon, ngayon sa pagpunta ko dun sa malakihang gawain ng pagi-ebanghelyo, ‘yan ang gagawin ko ngayon sa ibayong-dagat at iba pang mga bagay, di ko maipangangako, kita n’yo, di ko maipangangako na maipangangaral ko muna ‘yung mensahe una rito. Dahil sa pangangaral mo sa iba’t ibang dako, ‘yung mga mensahe, kailangan may parang baon ka. . . Ito po kasi’y parang naluluma sa iyo, at talagang naluluma para dun sa mga nakikinig dun. Kinakailangan may bago ka lagi, kita n’yo, at magdala ng Mensahe dun na para *roon* talaga. Pero kung kaya namang maglagay ng makina dun sa labas, o kung ano pa roon, na gagawa ng kalidad na mga teyp.

¹²⁶ At gagawa ng kalidad na teyp, at bawat teyp ay ipi-play at titingnang maigi bago ilabas, o kung hindi’y itigil na lang; di na kailangan pang pag-ukulan ng panahon, hayaan na lang ang mga tao na gumawa ng sari-sarili nilang teyp. Kita n’yo? Kaya naman gawin talaga nang tama, kita n’yo, para ‘yung reklamo ay tumigil. Ayaw nating makatanggap ng mga reklamo. Kung may reklamo, asikasuhin po natin agad, mangyari ngang agad nating mareresolba ‘yun.

¹²⁷ Ngayon, bibilisan ko na po sa abot ng makakaya ko. May dalawa pang katanungan si Billy rito, o tatlo, at pagkatapos ay magtatapos naayo.

231. Hanggang saan, Kapatid na Branham, maaari o marapat na ang isang diyakono ay umabot para mapanatili niya ang kaayusan sa simbahan? Kailangan bang kami ang magpataw ng kaayusan o hihintayin pa namin si Kapatid na Neville na sabihin sa amin ang aming gagawin?

¹²⁸ Hindi po ‘yan tungkulin ni Kapatid na Neville, tungkulin n’yo ‘yan. Kita n’yo? Hindi n’yo nga binibilinan si Kapatid na Neville kung anong ipangangaral niya, kung papaano ipangaral ‘yun. Kita n’yo, ‘yun po kasi ang tungkulin n’yo, kayo na mga diyakono, ‘yun ang dapat n’yong gawin. Kayo ang bahala dun. Hindi si Kapatid na Neville, tungkulin n’yo ‘yan. Kita n’yo?

¹²⁹ Ngayon, halimbawa na lang may pulis diyan sa kalsada at nakakita siya ng isang lalaki na nagnanakaw ng gamit mula sa likod ng kotse, tatawagin pa ba niya ang alkalde at magsasabi, “Ngayon, Alkalde, Kagalang-galang, ginoo, naninilbihan ako para sa iyo rito sa kapulisan; ngayon, may nasumpungan akong lalaki sa kalye rito, siya—siya’y nagnanakaw ng ilang gulong

mula dun sa kotse nung isang gabi; ngayon, iniisip ko lang, ano po ba ang palagay n'yo sa bagay na ito?" Huh! Kita n'yo? Kita n'yo, wala 'yun sa ayos, di po ba? Wala, nga. Kung ang lalaki ay may ginagawang mali, arestuhin n'yo na siya.

¹³⁰ At kung ang isang lalaki ay may ginagawang mali dito sa may simbahan, o sino pa man 'yan, pigilan n'yo sila, makipag-usap kayo sa kanila. Huwag naman ding pasiga-siga; pero kung di sila makikinig, magsalita kayo sa paraan na makukuha nila ang ibig n'yong sabihin. Kita n'yo? Kita n'yo, tulad na lang ng sasabihin n'yo sa isang bata, sasabihin, "Pumunta ka roon sa likod," at naglililikot kasi ang bata. Mga diyakono, kayo po'y lumugar sa puwesto n'yo! Maglagay. . . Apat marahil sa inyo, 'yung dalawa ay sa harap at dalawa sa likod, dito sa mga gilid-gilid o kung saan katulad nun. At magbantay kayong maigi, dahil baka may mga tulisan na bigla na lang papasok kagaya nun, kita n'yo. At manatili kayong nagbantay, lumagay kayo sa nakaatang n'yong tungkulin at manatili roon, diyan po ang upuan n'yo; o tumayo marahil sa may pader at bantayan n'yo ang bawat papasok.

¹³¹ Diyakono ang nangangalaga sa bahay ng Diyos. Kung may darating, makipag-usap kayo sa kanila; dapat nandun po kayo para batiin sila, kamayan sila. Dahil, kayo ang pulis, "Sige po't maaari ba namin kayong ituro sa silid ng lalagyan ng balabal?" o, "Maaari na po kayong maupo rito?" "Maaari po ba namin kayong abutan ng libro ng mga awitin o kung ano?" o, "Ngayon gusto po naming magalak kayo sa dako rito, at—at manalangin, at—at ikinagagalak namin na nakapunta kayo rito sa amin sa gabing ito." Ituro't ihatid n'yo sila dun sa puwesto, at sabihin, "gusto n'yo po bang malapit kayo o gusto n'yong dito kayo sa may likod dito?" o kung saan pa. Ganoon po ang pagtanggap.

¹³² Ang pulis (o ang diyakono) ay katumbas ng pulis-militar sa hukbo, may paggalang, pero may awtoridad pa rin. Kita n'yo? Alam n'yo naman marahil kung ano po ang pulis-militar, kung ano 'yun mismo, kung ipatutupad niya ang kanyang tungkulin, sa tingin ko ay para siyang ministro sa hukbo. Kita n'yo? May paggalang at lahat, pero siya'y may awtoridad. Kita n'yo, dapat n'yo siyang sundin. Kita n'yo, siya kasi ang. . . Kapag may mga baguhang sundalo na pupunta roon at malalasing, hayan nga't, isasaayos niya sila sa tama nilang lugar. At ganoon din po ang diyakono na ilalagay ang mga tao sa tama nilang lugar.

¹³³ Ngayon, alalahanin n'yo, ang diyakono ay isang pulis, at ito pong tungkulin ng pagiging diyakono ay kung tutuusin pinaka iistriкто kumpara sa lahat ng ibang tungkulin sa iglesya. Wala nga akong naiisip na tungkulin na mas iistriкто pa sa tungkulin ng diyakono. Ganoon nga, dahil siya'y—siya'y may mabigat na katungkulan, at siya'y tao ng Diyos. Siya'y tao ng Diyos gaya

nga na ang pastor ay tao ng Diyos. Tunay, ganoon siya. Siya'y lingkod ng Diyos.

¹³⁴ Ngayon sa mga tagapangasiwa, tanging bagay lang, sila'y nasa ilalim ng tungkulin ng Diyos para bantayan ang pinansyal na aspeto at asikasuhin 'yun, 'yung mga bagay na gaya n'yan. Kababanggit ko lang 'yung tungkol sa mga teyp, at—at itong tungkol sa iba pang mga bagay na nangyayari rito, tungkol sa gusali at pagkukumpuni, at pag-aasikaso sa mga bayarin at iba pang mga bagay, diyan—diyan ang trabaho ng tagapangasiwa: sa ari-arian, pinansyal at mga bagay-bagay. Di na 'yan saklaw ng mga diyakono. At ganoon din na ang—ang tagapangasiwa ay walang saklaw sa tungkulin ng mga diyakono.

¹³⁵ Ngayon, kung gusto ng mga diyakono na humingi ng tulong o anuman mula sa mga tagapangasiwa, o—o ang tagapangasiwa naman mula sa diyakono, hayan mismo't sama-sama kayo na magtutungan. . . Pero hayan ang mga kanya-kanyang tungkulin n'yo, magkaiba po. Kita n'yo? Sige.

¹³⁶ Ngayon, siyanga, hindi n'yo na kailangang itanong pa kay Kapatid na Neville. Kung may ibibilin sa inyo si Kapatid na Neville na gawin ang isang bagay, hayan nga't siya—siya kasi ang inyong pastor, gawin n'yo nang may paggalang at pagka magiliw at lahat na. . . Kung sasabihin niya, “Kapatid na Collins, Kapatid na Hickerson, Kapatid na Tony, o *sinuman*, maaari n'yo bang tingnan kung ano 'yung problema diyan sa gilid?” Ganoon ang nakaatang na tungkulin, alam n'yo, bilang isang tunay na tao ng Diyos.

¹³⁷ Tandaan n'yo, hindi po kayo gumagawa para sa Branham Tabernacle, di rin kayo gumagawa para kay Kapatid na Neville o para sa akin, gumagawa po kayo para kay Jesus Cristo. Kita n'yo? Kayo'y. . . Siya nga ang inyong. . . At Kanyang—Kanyang isinasaalang-alang ang inyong katapatan gaya nga ng Kanyang pagsaalang-alang sa pastor o sa sino pa mang iba, inaasahan Niya ang inyong pagkamatapat! At hangad nating maipakita ang ating katapatan.

¹³⁸ Ngayon, kung minsan napaka hirap po. Napaka hirap po para sa akin na makita ang isang ministro na nakaupo riyan na talagang iniibig ko nang buong puso ko, pero kinakailangan ko talagang sabihin sa kanya; kita n'yo, pero sa paraan po na may pag-ibig, kailangan kong umabot para tulungan siya. Pero, kita n'yo, mangyaring lumalapit pa rin sila sa akin at magsasabi, “Kapatid na Branham, sadya pong kahanga-hanga ka naman talaga, baka kanya naman maaari kang makipagkompromiso nang kaunti diyan sa pagbabautismo, at sa *ganito, ganoon*, at *kung ano pa*, at sa kasiguraduhan, at sa binhi ng serpiyente?”

¹³⁹ Sasabihin ko, “Kapatid, iniibig kita, pero ngayon siguro'y ating hana-. . . hanapin lang po natin sa Kasulatan at tingnan

kung sino ang tama o mali.” Kita n’yo, kinakailangan ko ngang gawin . . .

¹⁴⁰ “Oh, ngayon, Kapatid na Branham, ako na ang nagsasabi sa iyo, maling-mali ka riyan.” Kita n’yo, bigla na lang iinit.

¹⁴¹ “Oh,” sasabihin ko, “buweno, sabihin na lang nating ganun nga. Hayan nga’t, kung ganoon, dapat (at sabihin mo sa akin, ikaw . . . alam mo dapat kung saan ’yang mali ko riyan), tapos ipakita mo sa akin kung saan ba ako mali.” At bukas ako para tanggapin ’yan, kita n’yo.

¹⁴² Ganoon din ’yan sa, “Uy, wala kang karapatan na sabihan ang batang ’yan na maupo.” Ngayon, ang diyakono po ang—ang katiwala rito sa bahay ng Diyos. Kita n’yo? Ngayon kung inyo ngang . . . Siya mismo ang nangangalaga sa bahay ng Diyos at nagpapanatili rito sa kaayusan. Yan ang sinasabi ng Kasulatan, at kung may alam pa kayong iba riyan na dapat gawin ng isang diyakono, sige’t lapitan n’yo ako’t sabihin sa akin. Kita n’yo, parang ganoon din ’yun, mangyari ngang ’yan—’yan naman ang katungkulan n’yo para gawin ’yan, siyanga, panindigan lang.

¹⁴³ At di n’yo na kailangang humingi pa ng pahintulot mula sa kung kanino man ’yan, ’yan—’yan ang tungkulin n’yo. Di na kailangang sabihan pa ni Kapatid na Neville ang sinuman, di na kailangang sabihan pa ng iglesya . . . Ang ibig kong sabihin, ang—ang—ang mga tagapangasiwa nga’y di na nila kailangang magpunta pa kay Kapatid na Neville para magtanong kung—kung gusto ba niya ng bubong sa ibabaw ng tabernakulo. Kita n’yo? Hindi, hindi, di na ’yan saklaw ni Kapatid na Neville, di ko rin saklaw, tungkulin n’yo ’yan. Ang mga diyakono nga’y di na nila kailangang . . .

¹⁴⁴ Ganoon di ’yan sa pastor. “Tungkol saan ang ipangangaral mo? Tutol kami na gawin mo *ito*.” Wala pong karapatan ang mga taong ’yun na sabihin ’yun, napapasa ilalim siya ng Diyos, kita n’yo, ang pastor nila. At mangyari rin na kung—kung—kung . . . si Kapatid na Neville po, ay may ipangangaral siyang mensahe na ipinagkaloob sa atin ng Panginoon, at tayo nga’y dapat na lakip-lakip sa bagay na ito. At kung sabihin ko kay Kapatid na Neville na may kung anong mali, pananagutin nga ako ng Diyos sa bagay na ’yun. Ganoon nga. Kita n’yo? Kaya ang Diyos ang Boss ng lahat ng ito. Kita n’yo? At gumagawa lamang tayo bilang Kanyang mga kinatawan, kita n’yo, dito po sa mga tungkuling ito.

232. Pakipali- . . .

Kasunod na tanong po, at pagkatapos may isa pa tayo, at pagkatapos ay hihinto na tayo—hihinto na tayo.

Pakipaliwanag po kung papaano mismo ang pagpapagana ng mga kaloob ng pagsasalita sa iba’t ibang wika sa loob ng ating simbahan. Nasagot ko na po ito. Kailan ito dapat

mailagay sa kaayusan sa loob ng simbahan...o saan po mismo ipinapagana ang mga kaloob? Naipaliwanag na natin 'yan kanina.

- 233. Ilan po bang k-r-i-s-m-a...** Nababasa mo ba? [Sinababi ni Kapatid na Billy Paul, "**Instrumento.**"—Pat.] Oh. **Instrumento. Ilan po bang instrumento ang dapat na mayroon tayo sa loob ng simbahan maliban sa organ at piyano?**

¹⁴⁵ Buweno, depende na 'yan sa inyo kung may manunugtog kayo ng mga instrumentong de kuwerdas o anuman na meron kayo, kita n'yo. Di ko alam kung ano pang instrumento ang mayroon kayo, kung ano ba ang tinutukoy rito, di ko po alam. Pero ang organ at ang piyano ay kagamitang pagmamay-ari ng simbahan. Ngayon, kung sa tingin ng tagapanguna ng awitan ay kailangan ng mga trumpeta't mga korneta at kung ano pang gaya nun, at may dumadalo sa simbahan at tumutugtog sila ng mga instrumentong ito... At bahagi sila ng mga manunugtog, at—at ang gagawin diyan, hayan nga, ito'y usapin na para sa mga tagapangasiwa, para pag-usapan ng mga tagapangasiwa't tiyakin kung may pera ba para bilhan sila ng mga instrumento at kung ano pa, o ano pang gaya nun. Sa palagay ko 'yun ang tanong dito.

¹⁴⁶ Pero kung may sarili na silang instrumento, mainam. Kung wala naman silang sariling mga instrumento, at bahagi sila rito ng manunugtog, na di lang 'yung pansamantalang nagpupunta rito't tumutugtog paminsan-minsan, at pansamantalang aalis din, kinakailangan pong bahagi talaga ng mga manunugtog sa iglesya. Hindi nga dapat bilhan ng iglesya ng—ng—ng trumpeta 'yung isang tao na tutugtog dito ngayon at bukas ng gabi ay sa ibang dako naman siya, at ibang dako uli, at nagpupunta lang dito nang pansamantala at tutugtog nang paunti-unti. Hindi, po. Kinakailangan na bahagi ng mga manunugtog talaga rito, dun sa binuo talagang grupo ng mga manunugtog na may—may lider, at pagkatapos po ang iglesya, pag-uusapan na nila ang tungkol sa pagbili ng naturang mga instrumento.

- 234. Pakipaliwanag po kung papaano namin...papaano ba ang dapat gawin namin na mga diyakono na mapanatili ang tao sa loob ng santuwaryo bago o pagkatapos...** **Pakipaliwanag po.** [Binabasa ni Kapatid na Billy Paul ang tanong, "**Papaano ba ang dapat gawin ng mga diyakono para mapanatili ang mga tao na tahimik sa loob ng santuwaryo bago at pagkatapos ng simba?**"—Pat.] Oh, sige.

¹⁴⁷ Sige't ganito po ang maimumungkahi ko, mga kapatid. Ngayon, napakaganda nga nito. Kung marami lang sana tayong oras para maipaliwanag ito, dahil ito'y—ito'y...ito—ito nga'y napakahalaga't kapaki-pakinabang sa atin, kita n'yo. Ngayon, ang simbahan po ay hindi...

148 Kung gusto n'yo pong . . . Kung gusto n'yong iparinig ang teyp na ito isang gabi at iparinig ito bago ang mga pagtitipon, nang sa gayon magkaroon ng pagkaunawa rito ang mga tao, iparinig n'yo po; kahit itong bahagi lang na ito ng teyp at kahit di na 'yung iba, kahit ito lang. Anumang bahagi rito na gusto n'yong iparinig para sa isang partikular na usapin, tugaygayin n'yo lang hanggang sa mahanap n'yo, at pagkatapos iparinig n'yo. Kita n'yo, dahil iba't iba ang tanong dito.

149 Ngayon, mga diyakono ng iglesya, at gaya ng aking—gaya ng aking nasabi na, ang pulis ng iglesya. Pero ang simbahan po ay di isang pangkalahatang tagpuan para—para makihalubilo at makipagkaibigan at makisaya. Ang simbahan ay santuwaryo ng Diyos! Nagpupunta po tayo rito . . . Ngayon, kung ang pakay lang naman natin ay magkakita-kita tayo, mabuti sigurong dun na lang sa bahay n'yo ako magpupunta, dun kayo sa bahay ko magpupunta, o dun kayo sa bahay ng isa pang tao magpupunta at dun magkikita-kita. Pero 'yung kung anu-anong gagawin sa loob ng simbahan, at makikipag-kuwentuhan at mga bagay na tulad nun, di po tama, mga kapatid; nagpupunta tayo rito, na inaalis natin mula sa isipan natin ang lahat ng ganyang bagay. Kung magpupunta lang tayo rito na . . .

150 Tingnan n'yo po 'yung situwasyon natin maraming taon na ang nakalilipas. Si Kapatid na babaing Gertie ang piyanista. Noong magpastor ako rito, ako—ako na 'yung pastor, diyakono pa, katiwala pa, lahat na antimano, kita n'yo, pero wala ngang magagawa't kailangan ko—ko talagang gawin. Pero ngayon di n'yo na kailangan gawin 'yung ganyan, kita n'yo, dahil may mga kalalakihan na kayo para gampanan ang bagay na 'yan. Pero nung panahon na 'yun . . . May mga usher naman ako, sina Kapatid na Seward at lahat sila na nasa may pintuan. May mga libro sila na patong-patong sa may pintuan, nakalagay sa isang upuan, o kung saan, parang ganun. At kapag may papasok, itinuturo sa kanila kung saan isasabit ang kanilang balabal o inaalalayan sila sa kanilang upuan, aabutan sila ng libro ng mga awitin at bibilinan sila na “manatili sa pananalangin.” At pagkatapos ang lahat nga'y mauupo sa kani-kanilang upuan at tahimik na mananalangin hanggang sa magsimula. Kita n'yo? At sa panimula, si Kapatid na babaing Gertie, ang piyanista, siya po'y magpupunta na rito't magsisimulang tumugtog bago ang . . . sa pagpasok ng mga—mga tao't magtitipon dito.

151 Iminumungkahi ko na papuntahin n'yo ang organista n'yo roon at tumugtog ng mainam na musika. Kung wala pa siya, irekord n'yo 'yun sa teyp at 'yun ang iparinig, o kung ano pa. At magpatugtog lang kayo ng musika, 'yung tunay na kalugud-lugod na sagradong musika. Pagkatapos . . . At paalalahanan ang mga tao . . . At kung ang mga tao ay nagkukuwentuhan at sige sila sa pag-iingay at parang ganun, magpapunta kayo ng diyakono sa may mikropono sa pulpito at sabihin, “sh, sh, sh,”

parang ganun. Sabihin, “Dito po sa tabernakulo, nais naming—naming pumarito kayo para sumamba. Huwag tayong gagawa ng anumang ingay ngayon, makinig lamang sa musika. Pumili lamang ng mauupuan, maupo, tumaimtim, kita n’yo, kayo po’y manalangin lang o magbasa ng Biblia. Dito po, sa santuwaryo rito, nananahan ang Panginoon. At hangad po namin na ang bawat isa’y tumaimtim at sumamba, huwag palakad-lakad, ni makikipag-kuwentuhan man bago ang gawain. Nagtipon kayo, at nagpunta rito para makipag-usap sa Panginoon. Kita n’yo? Maaari po kayong manalangin nang tahimik, kita n’yo, o di naman kaya’y magbasa ng inyong Biblia.”

¹⁵² Noong magpunta ako minsan sa Marble Church sa may dako roon sa . . . si Norman Vincent Peale, narinig n’yo na siya, kita n’yo. At nagpunta po ako roon . . . Magaling pong sikologo, guro, alam n’yo. At nagpunta nga ako sa simbahan niya, naisip ko, doon, “Sana ganoon mismo ang gawin ng tabernakulo ko.” Yung mga diyakono po’y nakatayo na roon sa may pintuan sa oras ng pagpasok na pagpasok mo. Sila, hayan nga, aabutan ka nila ng programa sa Sunday school, dadalhin ka roon. Tatlong beses niyang kailangang ipabakante ang lugar, dahil nasa apat o limang daan lang ang kayang magkasya roon, alam n’yo; at malaki po kasi ang New York, at kilala rin siyang tao. At sa pagkakaalam ko may isang sesyon sila ng alas diyas at isa ng alas onse, parehas na pangangaral, parehas na gawain mismo, parehas na programa. Mangyaring kapag magpapauwi na sila, at may (sa palagay ko) may limang minuto lang sila para ’yung mga nagsimba ay . . . Wala po kasing makapapasok maliban na maglabasan muna ang lahat, pagkatapos ay bubuksan ng mga diyakono ang daanan at ’yung mga panibagong magsisimba ay pupunuin ’yung lugar. Antigo ’yung mga upuan nila roon, alam n’yo, papasok na ’yung mga tao, at magsisiupo na sila sa may mahahabang upuan dun sa pagbubukas ng pinto. Antigo, ’yung mga ’yun ay naroon na nang—nang dalawang daang taon na po siguro, sa palagay ko, ’yung lumang Marble Church po.

¹⁵³ At maririnig mo nga kung may aspiling mahuhulog sa sahi saanman sa loob ng simbahan, at ang lahat ay nananalangin nang halos tatlung minuto bago ang unang nota sa organ ay pindutin, sa pagsisimula. Kita n’yo? At talagang ang lahat ay babad sa panalangin. Sa isip-isip ko, “Ang ganda naman!” Pagkatapos kapag ’yung ministro . . . Yung pagsisimula, siguro po’y mga . . . Sa tingin ko tutugtog sila ng isang pagsisimula nang tatlo o limang minuto, *How Great Thou Art*, o parang ganun, tuluy-tuloy lang ’yun. At kapag tinugtog na, hihinto ang lahat sa pananalangin, makikinig sa pagsisimula. Kita n’yo, may paglipat, mula sa pananalangin papunta sa pagsisimula. At tapos habang tinutugtog nila ’yun, ’yung lider ng koro ay pangungunahan na ’yung koro. Pagkatapos magkakaroon ng sabay na awitan ang kongregasyon at ang koro. At pagkatapos

ay handa na sila para sa kani-kanilang klase ng Sunday school. Kita n'yo? At hayan nga—hayan nga't hanggang dulo, talaga pong Makalangit na pagsamba, sa buong kabuoan, at 'yun ang ipinunta namin doon.

154 At sa palagay ko ay mainam na bagay 'yan kung ang ating simbahan mismo. . . At sinasabi ko lamang uli, tayo, dahil, atin talagang gagawin 'yan. Kita n'yo? Gawin po natin talaga. Kung may iba na gumagawa nun, at masasabi, na, "Sa palagay ko napaka inam na bagay nun." Kung talagang mainam na bagay, ay gawin natin. Kita n'yo? Ayaw naman nating magsantabi na lang ng mabubuting bagay, haya't gagawin at gagawin talaga natin, ano't anuman. Kita n'yo? At magkusa po dun at—at sige po't tumayo roon at—at sa pag-upo nung mga tao sa umaga, o parang ganun, pagdalo ng mga tao, mayroon dapat, o sinuman sa—sinuman sa mga diyakono, o sinuman na dapat lumapit dun at magsasabi, "Patakaran po sa tabernakulo rito na . . ."

155 Di ko alam kung ginagawa na nila 'yan; marahil—marahil ginagawa na nila. Wala po ako rito, kita n'yo, kaya di ko alam. Laging wala po ako rito kapag magsisimula ang gawain.

156 At kaya kapag pumaparito na ang mga tao at nagsisimula silang magkuwentuhan, magpapunta kayo roon at magsasabi, "Sh, sh, sh, kaunting sandali lang po." Kita n'yo? Papuntahin—papuntahin n'yo. . . Papuntahin n'yo ang munting kapatid na babae, papuntahin siya sa puwesto at patugtugin siya ng ganun pong musika. Kung hindi naman, irekord n'yo 'yun sa teyp at 'yun ang patugtugin n'yo roon, kita n'yo, musika ng organ. At sabihin, "Ngayon tayo'y. . . May bagong patakaran po sa loob ng tabernakulo. Sa pagpasok ng mga tao rito, huwag po tayong magbulung-bulungan, o magkuwentuhan, bagkus ay sumamba. Kita n'yo? Ngayon, kaunting sandali na lang po at magsisimula na ang gawain. Hanggang sa sandali na 'yun, maaari kayong magbasa sa inyong Biblia o dili kaya'y iyuko n'yo ang inyong ulo at manalangin nang tahimik." At makailang ulit na puro ganun, matutunan na nila't alam na nila. Kita n'yo? Kita n'yo?

157 May narinig kayo halimbawa na nagkukuwentuhan, tapos katagalan. . . siguro'y makailang ulit na ganoon, paglaon ay maaari kasi 'yung maulit gayong ang lahat, sabihin natin, may makikita kayong isa pa rin na nakikipagkuwentuhan, gayong ang iba'y hindi na nakikipagkuwentuhan, kita n'yo, buweno, kung ganoon ay may isa sa mga diyakono na dapat magpunta roon at magsasabi, "Gusto namin—gusto namin na sumamba po kayo sa oras ng gawain." Kita n'yo? Kita n'yo? Kita n'yo, di po kasi ito bahay ng pagkukuwentuhan, bahay sambahan po ito. Nauunwaan na po ba?

Sa palagay ko ay 'yun na 'yun. **Pakipaliwanag po. . .** Oo. Tingnan pa natin. Oo. **Pakipaliwanag po kung papaano . . .**

ang gagawin ng mga diyakono . . . sa loob ng santuwaryo.
Oo, 'yun na ang lahat. Siyanga. Yun na 'yun.

Sige po, ngayon, heto na po ang huli.

- 235. Kapatid na Branham, kapag may oportunidad kami sa simula ng gawain . . . Di ko—di ko po . . . rek- . . . Hindi, . . . May natatanggap kaming reklamo . . .**

Medyo maliit po kasi ang pagkakasulat. At ang sabi'y "**may natatanggap kaming reklamo,**" tama ba? [Sinasabi ni Kapatid na Billy Paul, "Uh-huh," at patuloy na inalalayan si Kapatid na Branham sa pagbabasa nung maliit na pagkakasulat—Pat.]

. . . kaming reklamo patungkol sa simula ng gawain. Mayroon kasi kaming . . . Sige lang. May—may—may mga awitan kami, mga patotoo, at mga pananalangin, at mga kahilingan na nais maipanalangin, espesyal na mga awitan, at m-a . . . marahil mga nasa . . . nasa alas onse na nagsisimula ang mensahe, na . . . o ang nangyayari tuloy, masyadong atrasado na ang oras para sa Salita. May mga ilan na naiinip agad at kinakailangan na raw nilang umalis bago pa—pa, 'yun . . . bago pa—bago pa matapos ang mga 'yun. Kaya . . . Pakipaliwanag po kung ilan talagang kanta, at anong oras ba dapat magsimula ang pagmemensahe. At kung—kung minsan nga'y may mga kahilingan kami na nais na maipanalangin—maipanalangin at nagiging pagtitipon na tuloy ng pagbibigay ng mga patotoo, mga bagay na—na di . . . di angkop sa itinakdang oras dun.

¹⁵⁸ Ngayon, sana nakuha ko 'yun. Sinusubukan akong alalayan dito ni Billy. Kung sa teyp na, na mangyaring inyong . . . may isa sa pagtitipon, sa gawain, na mapapakinggan kung ano ito, ay hayan nga si Billy na inaalalayan akong mabasa ito dahil ang pagkakasulat po ay talagang, talagang maliit, at di ko po mabasa maigi. Nakuha ko naman ang pinaka punto, na sabi, sabi, "Ilan daw na mga kanta ang dapat awitin bago simulan ang gawain, at anong oras ba dapat magsisimula ang gawain?"

¹⁵⁹ Ngayon, bago ang lahat ay gusto ko munang aminin ito. At kung mali ako, aaminin ko talaga na "mali ako." Kita n'yo? At ako—at ako—ako po'y may aaminin lang na "Ako po'y parang pasimuno pa sa ganoon." Dahil ako po ang nagpasimula nitong mahahabang mga gawain na ito't ganong mga bagay, kaya parang nasanay ang simbahan sa ganitong programa, kita n'yo, na ganoon na ang kinagawian, pero di naman dapat. At kaya ngayon, alalahanin n'yo, aking . . . ako'y . . . sasabihin ko sa inyo pong lahat, "Linggo ng gabi, kung loobin ng Panginoon, Linggo ng gabi, ay, sisikapin ko pong itakda ang mga gawain ko mula ngayon, kung mananatili pa ako ng karagdagang sanlinggo, ng mga tatlumpu o apatnapung minuto na lang ang pinakamahaba ko sa aking mga gawain."

¹⁶⁰ Dahil nalaman ko po ito, na ang isang gawain ay . . . Ito'y may takda lang talaga, at ang mensahe ay ipinagkakaloob nang may kapangyarihan; kung lalampas ka roon, mapapagod mo po ang mga tao at di na nila 'yun mauunawaan pa. Ang dahilan at kung bakit nasasabi ko . . . Natuklasan ko po 'yun nang medyo matagal na rin. Kita n'yo? Ang pinaka matagumpay na mga tagapagsalita ay sila na takdang-takda talaga . . . Hayan nga si Jesus na isang Tao na matipid sa pananalita, tingnan n'yo ang mga pangangaral Niya. Tingnan n'yo po ang mga pangangaral ni Pablo. Doon sa Araw noon ng Pentecostes, marahil inabot lang siya ng labing-limang minuto, at dinirekta niya . . . doon nga'y parang nasa—nasa—nasa tatlong libo ang naakay patungo sa Kaharian ng Diyos. Kita n'yo, talagang direkta po sa pinaka punto. Kita n'yo?

¹⁶¹ At ako—ako nga'y aminado. Dahil, ang rason kung bakit ko ito ginagawa, di dahil sa hindi ko 'yun nalalaman, hayan nga't gumagawa po kasi ako ng mga teyp, kita n'yo, at ang mga teyp na ito ay ipaparinig nang ipaparinig sa mga kabahayan nang ilang mga oras at mga oras at mga oras. Pero malalaman n'yo nga, sa parating na Linggong ito, ang dahilan kung bakit ko ito ginagawa, sa parating na Linggong ito, ang dahilan kung bakit ganito ang ginagawa ko rito . . . Siguro'y sasabihin ko na rito sa teyp. Ang dahilan kung bakit ganito ang ginagawa ko ay dahil sa napakalaking pasan na nakaatang sa akin para ang Mensahe pong ito ng kapanahunang ito, ay Ito po'y maipahayag sa labas. Ngayong naipahayag na ang Mensahe, ngayon po'y nagtatakda na ako ng tatlumpung minuto na lang o parang ganun, matapos ang unang bahagi ng parating na taon na ito, sa mga gawain ko sa labas. . . saanman ako magpunta, at sinisikap ko nang itakda ang orasan ko ng mga tatlumpung minuto lang, o di lalampas ng apatnapung minuto't matagal na 'yun; direkta mismo dun sa Mensahe, at tatawag ng pagdulog sa altar kung ako po'y . . . o anuman na dapat ko pang gawin, o tumawag ng pila para sa pananalangin; at di gugugol ng maraming oras, dahil tunay na mapapagod n'yo ang mga tao. Alam ko 'yan.

¹⁶² Pero tingnan n'yo po. Sa tingin ko, sa taon pong ito, wala pa sigurong sandosenang tao ang tumayo at lumakad palabas, at gayong kung minsan ay napapanatili ko sila rito ng dalawa at tatlong oras pa nga. Kita n'yo? Ganoon nga. Dahil ginagawa po itong mga teyp na makararating sa buong mundo, kita n'yo. At 'yung mga tao sa dako roon, sila'y mauupo ng mahabang oras at pakikinggan Ito; mga ministro, at iba pa, sa Alemanya, Switzerland, Aprika, Asya, at sa lahat ng dako, kita n'yo, na makikinig Dito.

¹⁶³ Pero, kita n'yo, para sa santuwaryo, para sa simbahan . . . At 'yun po ang dapat. Kung naparito kayo para gumawa ng teyp, at pang-dalawang oras ang dala n'yong teyp, pang-dalawang oras na mensahe ang ilagay n'yo po roon; pero kung di naman kayo gumagawa ng teyp para sa layunin na ganoon, ay iklian natin

ang mensahe, kita n'yo, iklian lang natin ang imimensahe natin. Sasabihin ko po sa inyo kung bakit, mayroon kasi na sa maiksi lang ay napupuno na, may ilan din na matagal mapuno, kita n'yo, para pong ganoon, at mainam nga na lumagay kayo dun sa tamang-tama na katamtaman lang sa pagitan nun.

¹⁶⁴ At ngayon, maraming pagkakataon na nasisira natin ang ating mga gawain dahil sa napaka habang pagtitipon para sa mga patotoo, na ako man ay aminado na nagagawa ko 'yan. At kahit dun sa labas noong may mga pagtitipon kayong idinadaos sa lansangan, at may patatayuin kayong matandang kapatid na lalaki dun, at tatayo siya roon. . . At hihilingin n'yo sa kanya na dumulog ng panalangin, at manalangin siya para sa alkalde ng siyudad, at para sa gobernador ng estado, at maging para sa Presidente ng Bansa, at—at para sa lahat na gaya nun, at para sa lahat ng mga pastor na naroon, alam n'yo, isa-isa talaga, at maging para kay Kapatid na Jones na nasa ospital, at mga gaya nun; at 'yung mga taong nakatayo, na huminto sana para sa pagtitipong 'yun sa lansangan, sila nga'y, hayan tuloy—hayan tuloy maglalakad na lang palayo. Kita n'yo? Napagod niya kasi ang mga tao. Atin ngang, tiyakin. . .

¹⁶⁵ Kita n'yo, ang mahalaga po kasi, 'yung panalangin n'yo ay dapat lihim, 'yang pangunahin n'yong, mahabang panalangin. Diyan n'yo ipanalangin lahat. . . Pumasok kayo sa tagong silid, isara n'yo ang pinto. Diyan n'yo ibuhos lahat na manalangin buong araw, buong gabi, o dalawang oras, diyan manalangin. Pero dito, kung saan nakikita kayo ng mga tao, iklian n'yo ang inyong pananalangin, iksian, ito. Gawin n'yo 'yan sa lahat ng gawain n'yo. . . At ilaan ang pinaka maraming oras sa Salita. Yun po ang pangunahing bagay! Direkta mismo sa Salita sa abot ng makakaya mo, kita n'yo, iparating ang Salita sa mga tao.

¹⁶⁶ Ngayon, heto po ang maimumungkahi ko. Ngayon, ngayon alalahanin n'yo, nabanggit ko na sa inyo na aminado ako na ako ang nagpasimuno ng ganito. Pero hayan nga't nabanggit ko na sa inyo kung bakit itinuluy-tuloy ko 'yun, ako po kasi'y gumagawa ng tigdadalawang-oras na mga teyp na ipadadala sa ibayong-dagat at sa lahat ng dako, patungkol sa Mensahe, kita n'yo. Pero hindi po dapat itutulad diyan kapag nasa simbahan na (itong mensahe na para sa tabernakulo) na itutulad dun sa mga teyp (na dalawang oras) na 'yung mga teyp ay ipinapadala kasi sa iba't ibang lugar, kita n'yo, at ganoon din ang gagawin.

¹⁶⁷ Ngayon, ganito po ang gagawin n'yong pagsasaayos. . . Sige po't bibigyan ko po kayo ng halimbawa. Maaari po ba, isa lang pong mungkahi? Iminumungkahi ko nga na 'yung simbahan ay magtakda ng oras na bukas ang mga pintuan, papasukin ang kongregasyon, patugtugin ang mga awitin. At lahat na papasok ay pasambahin, di 'yung papasyal lang. At kahit sa pagkatapos ay wala ring gagala-gala sa loob, sabihan n'yo sila na “Tapos

na at umuwi na, wala na dapat na gagala-gala pa sa loob. Kung gustong pumasyal, hayan ang labas. Pero ito po'y santuwaryo, panatilihin n'yong dalisay ang dakong ito." Ngayon, yamang ang Espiritu ng Panginoon ang nakikipag-ugnay sa dako rito, panatilihin po natin ang Espiritu ng Panginoon sa dakong ito. Kita n'yo? At—at magpapatuloy Ito sa pagkilos. Kung inyo lang pababayaan, tandaan n'yo itong sasabihin ko, babagsak nga ito; totoo 'yan. At kaya panatilihin natin, tungkulin natin 'yan, 'yan ang dahilan at ako'y naparito sa gabing ito. Panatilihin nating nakalinya ang bagay na ito sa mga—sa mga pagsasaayos na ito.

¹⁶⁸ Ngayon tingnan n'yo, sasabihin ko po ito. Sa ordinaryong gawain, maliban na lang kung may espesyal na gawain... at ianunsyo n'yo nga sa mga tao na magrerekord kayo ng teyp para sa isang partikular na mensahe. Kita n'yo? Ngayon, kung si Kapatid na Neville ay may mensahe siya rito na ipararating niya sa... may mensahe siya na nais niyang iparating sa mga tao, may pagre-rekord ng teyp, o kung ano, ianunsyo n'yo 'yun, "Ngayon, sa susunod na Linggo ng gabi tayo po'y magteteyp ng dalawang-oras na teyp," tatlong-oras na teyp, o kung ano—o kung gaano bang kahaba. "Mangangaral kami na aabutin ng dalawa- o tatlong-oras na teyp," o kung ano man, "sa susunod na Linggo ng gabi." At nang sa gayon alam na agad ng mga tao. At pagkatapos kapag dun na mismo sa pagdalo nila, sabihin n'yo, "Ngayon, magteteyp po tayo ng mensahe ngayong gabi. At may mensahe po ako rito na buo po ito na gusto kong iteyp at ipadala sa labas. Ako po'y... May nararamdaman po akong pangunguna na ipadala ang mensaheng ito sa labas. At iteteyp po ito, aabutin marahil ng dalawang oras, tatlong oras, o kung gaano pong kahaba." Ianunsyo n'yo.

¹⁶⁹ Pero, sa ordinaryong pagkakataon, gaya ng ginagawa ko kapag nagpupunta ako sa isang lugar tulad ng mga pagtitipon ng Business Men, o naroon ako sa mga pagtitipon ko roon sa labas para sa pila para sa pananalangin. Kung tatayo po ako dun at magbibigay ng tatlong-oras na mensahe sa gabi na 'yun bago magdaos ng gawain para sa pagpapagaling, nakikita n'yo ba kung saan ako ilalagay nun? Kita n'yo? Hayan nga't, ang mga tao, sa kasunod na gabi ay 'yung kongregasyon mo'y baka kalahati na lang kumpara sa nauna. Kita n'yo? Dahil di nga sila puwedeng magtagal, may mga trabaho pa sila't lahat na.

¹⁷⁰ Kaya iminumungkahi ko ito, na kapag ordinaryo lang na pagkakataon... Ngayon, sinubaybayan kong maigi si Kapatid na Neville kagabi nung mangaral siya. Ngayon, alam ko na alam nating lahat na kagulat-gulat na mensahe 'yun. Nagsulat nga ako ng mga tala sa mga sinabi niya, narito po sa bulsa ko, para magamit ko 'yun sa iba kong sariling mensahe. Siyanga. *Ang Daan Para Makaalpas*, kita n'yo, at kahanga-hanga pong mensahe talaga 'yun. Napansin n'yo ba kung gaanong kadali lang niyang naibahagi 'yun? Kita n'yo, tatlumpung minuto lang

ang inabot, kita n'yo, at kanyang—kanyang natapos mismo. Kita n'yo? Ngayon, napakainam nun. Ngayon, haya't si Kapatid na Neville, ay ganoon naman lagi sa kanyang pagmemensahe. Kita n'yo, di kahabaan. Kita n'yo? Mangyari ngang pinapatay n'yo 'yung buhay ng pagtitipon n'yo dahil sa sari-saring mga mahahaba pang pahayag na naisisingit n'yo bago makadako dun sa mensahe n'yo. Kita n'yo?

¹⁷¹ Ngayon, at—at saanman na nagagawa n'yo 'yan. . . Ngayon, alam ko, at ngayon pagmasdan n'yo, di ko—di ko sinasabi 'yan na para bang walang paggalang, sa inyo na mga katiwala, o mga diyakono, o—o pastor, pero sinasabi ko lamang sa inyo: na makita kung ano ang Katotohanan, at ganitong-ganito dapat ito maisagawa. Ngayon, kayo. . . Bakit ko po ba ito sinasabi? Ngayon, kayong lahat, lahat kayo, mabuti ang pagkatao, bawat isa sa inyo na mga kalalakihan ay talagang mabuti mismo ang pagkatao. Kung hindi, sasabihin ko nga, “Ang lahat maliban kay Kapatid na *Ganito-at-ganoon*, hindi mabuti ang pagkatao niya, lahat po tayo'y ipanalangin siya.” Pero kayo—kayo nga'y may mabubuting kalikasan, at kayo'y pasensyoso, banayad, na medyo tahimik lang na mga kalalakihan. Ayos lang po 'yan, pero huwag po kayong lalambot-lambot sa bagay na ito.

¹⁷² Si Jesus ay may mabuting kalikasan, din, pero pagdating nung oras na kailangang sabihin ang bagay-bagay, “Nasusulat, ‘Ang bahay ng Aking Ama ay inilaan na bahay-panalanginan,’ at ginagawa ninyo itong kuta ng mga magnanakaw.” Kita n'yo? Kita n'yo, alam nga Niya—alam Niya kung kailan kailangang magsalita at kung kailan hindi. Yan—'yan—'yan po ang bagay na dapat nating gawin. Kita n'yo? Wala nga, kailanman na sino mang tao na kagaya ni Jesus, Siya'y Diyos. At alalahanin, Kanya mismong. . . Napag-uusapan na rin lang ang pagiging diyakono sa loob ng simbahan, Siya—Siya nga'y namahala ng may awtoridad! Nagkumpol Siya ng mga lubid, at di nga Siya nagbagal-bagal sa pagpapalayas sa kanila roon, mariin Niyang itinaboy sila, kita n'yo, dahil 'yun ang bahay ng Diyos. At ginanap Niya noon ang bahagi ng isang diyakono, para maging halimbawa sa *inyo* na mga diyakono. Kita n'yo, Siya po ang Huwaran n'yo. “At ngayon, nasusulat—nasusulat, ‘Ang bahay ng Aking Ama ay inilaan na bahay-panalanginan.’” Ngayon, pagkatandaan, si Jesus ay Diyakono sa pagkakataon na 'yan, alam n'yo 'yan, na ginaganap ni Jesus ang bahagi ng pagiging isang diyakono.

¹⁷³ Pagdating naman dun sa bahagi ng pagganap Niya bilang isang pastor, ano ang Kanyang sinabi? “Kayo na mga bulag na Fariseo, mga taga-akay ng bulag!” Kita n'yo, ginaganap Niya ang bahagi ng pagiging pastor, diyan.

¹⁷⁴ At nung sabihin Niya sa kanila ang bagay na magaganap, ginanap naman Niya ang bahagi ng isang propeta. Kita n'yo?

175 At nung sila'y ipautos na may buwis na babayaran, ang ginanap naman Niya'y bahagi ng pagiging katiwala, "Pedro, magtungo ka roon at maghulog ka ng bingwit sa tubig, at ang unang isda na mahuhuli mo ay may mamerang barya sa bibig nito. Ibayad mo sa kanila, kita mo, bayaran mo ang matuwid mong pagkakautang." Ang sinabi, sa atin, "Ibigay ninyo kay Cesar ang kay Cesar, ang sa Diyos sa Diyos."

176 Siya'y pawang gumanap bilang Pastor, Propeta, Katiwala, at Diyakono. Siya nga! Kaya mangyaring nakikita n'yo ang Kanyang mga ginawa noon, maging halimbawa 'yan sa inyo sa bahay rito sa Branham Tabernacle na ito, na nagnanais tayo na maging isang bahay na Kanyang ikararangal ang bawat bagay rito, bawat tungkulin, bawat puwesto, na walang inuurangan. Na may kahinahunan, at kagiliwan, at kabaitan, pero diretsong nakalinya, na ang bawat isa'y nasa tungkulin na nakaatang sa kanya. Kita n'yo? Ganoon po dapat, ganoon ang paraan na nilayon Niya para rito. Di Siya nagpahapay. Nung dumating 'yung oras na kailangang sabihin ang dapat sabihin, sabihin kung *ano* ang *ano*, sinabi Niya mismo. Nung dumating naman 'yung oras na kailangang magpakita ng kahinahunan, haya't nagpakita Siya ng kahinahunan. Siya mismo'y naging magiliw, mabait, maunawain; pero mahigpit, na ang lahat ay saktong-sakto ang pagkakaayos hanggang sa pinaka tuldok sa Kanya, at ginanap Niya 'yan para maging halimbawa sa inyo. Ngayon, ibinigay nga sa akin ng Espiritu Santo ang kapahayagang 'yan ngayon-ngayon lang mismo. Mangyaring di ko pa 'yan naiisip noon, na Siya'y gumanap na Diyakono, noon, pero Siya nga. Kita n'yo? Siya'y—Siya'y gumanap bilang diyakono, noon.

177 Ngayon, babanggitin ko lang po ito, sabihin na lang natin na ang mga gawain n'yo ay nagsisimula ng alas siyete y medya, sige't halimbawa 'yan ang oras, buksan n'yo ang simbahan ng mga kalahating oras na mas maaga, alas siyete. Ang piyanista po. . . Sabihan n'yo ang organista. . . Binabayaran n'yo ba siya? Binabayaran n'yo bang lahat ang organista? Siya po ba'y binabayaran, o ang piyanista? Libre niya bang ginagawa ito? Pakiusapan n'yo siya nang may kabaitang-loob. Kahit na gusto niyang bayaran siya para dun, na bigyan siya para dun, sabihin n'yo pa rin sa kanya na gusto nating naroon siya ng kalahating oras bago ang gawain. At kung sabihin niya, "Buweno, di ko kayang gawin 'yun," o parang ganun, alanganin, kung ganoon papuntahin n'yo siya minsan at magrekord siya sa teyp ng ilang banayad na tugtog ng organ. Kita n'yo? At 'yun na ang. . . 'yun ang isalang n'yo sa. . . Hindi naman niya kailangang magpunta lagi, isalang n'yo ang teyp. Kita n'yo? Magtalaga kayo ng isa sa mga diyakono, tagapangasiwa, o sino man na tagapagbukas ng pintuan, tagalinis, isalang n'yo 'yun, 'yung teyp, at hayaan n'yo lang na tumugtog 'yun habang pumapasok ang mga tao. Kita n'yo? Kung mangyaring wala ang mga diyakono, o kung sino,

mag-atas kayo, ng tagapangasiwa o kung sino rito para gawin 'yun, nang sa gayon mapatugtog nila 'yun ng kalahating oras.

¹⁷⁸ Pero eksaktong alas siyete y medya, patunugin n'yo 'yung kalembang sa ibabaw ng gusali. Kita n'yo? Nandiyan pa po ba 'yung kalembang n'yo riyang? Siyanga. Sige, patutunugin n'yo ang kalembang n'yo ng alas siyete y medya, at kaya ang ibig sabihin nun ay huwag na po tayong magpapalakad-lakad pa sa loob ng simbahan at makikipagkamay sa mga Jones at sa lahat. Papuntahin n'yo agad ang tagapanguna ng awitin na gawin niya ang tungkulin niya! Kung wala po 'yung tagapanguna ng awitin, dapat na tiyakin mismo ng mga diyakono na may...o ng... tiyakin na may magpapasimula na pangunahan ang mga awitan kapag pinatunog na 'yung kalembang. "Bumuklat na po kayo sa inyong libro ng mga himno, sa bilang *ganito-ganoon*." Kita n'yo? Siguraduhin n'yo sa pagpatak na pagpatak mismo ng—ng alas siyete y medya.

¹⁷⁹ Buweno, pagkatapos ay paawitin na ang kongregasyon, at pagkatapos marahil pangalawang awitan ng kongregasyon, at pagkatapos tatawagin na 'yung paunang sinabihan na kanina, kung magagawa n'yo, na manguna sa pananalangin. Ang—ang pastor po ang gagawa nun, o, 'yung...Buweno, hindi pa dapat nandiyan ang pastor, ang—ang tagapanguna sa mga awitan ang gagawa nun. Si Kapatid na Capps po, sa palagay ko. Kita n'yo, alam niya ang gagawin niya, siya'y—siya'y paunang magsasabi sa kung sino roon...o siguro'y siya na mismo ang manguna sa pananalangin. Patayuin po ang kongregasyon sa pananalangin, kita n'yo, tatayo, at may isa na mangunguna sa pananalangin. Ngayon, kung hindi kayo nagbabantay... .

¹⁸⁰ Ngayon, naniniwala na ang bawat isa'y dapat magtungo sa bahay ng Diyos at manalangin, 'yun ang—'yun ang dako para manalangin. Pero kapag nandun na kayo sa santuwaryong ito, gugulin n'yo nang tama ang oras n'yo. Kita n'yo? Dahil kung magtatawag at magtatawag kayo na ang lahat ay magtutungo sa altar, di n'yo 'yan maiiwasan na may isa na pala dun na nasa labinglima, dalawampung minuto na siya na naroon; ubos na ang lahat ng oras n'yo.

¹⁸¹ Dapat ang inyong, kita n'yo, ang inyong pananalangin na pansarili ay sa bahay gawin. Sinabi ni Jesus, "Kapag kayo ay mananalangin, huwag kayong tumayo tulad sa mapagkunwari, at—at hinahabaan...hinahabaan ang pananalangin, at *ganito, ganoon*, o *kung ano pa* ang sinasabi, at—at lahat ng katulad nun para magpapansin." Kita n'yo? Sabi Niya, "Kapag ikaw ay panalangin...manalangin, pumasok ka roon sa loob ng silid, tagong silid, isara mo ang pinto sa likod mo; manalangin ka sa iyong Ama na nakakakita sa'yo nang lihim, gagantimpalaan Ka niya nang hayagan." Ngayon, ganyan dapat manalangin nang lihim na panalangin, 'yan ang sinabi Niya na dapat gawin.

182 Pero kapag kayo, may isa na, sa pagpasok pa lang niya, ang tagapanguna ng awitan ang magsasabi dun, sabihin, “Sige. . .” Pagkatapos nung unang awit, tatawagin na niya ’yung isa para manalangin, kung sino man ang paunang sinabihan, maiksing panalangin lang. Di n’yo kailangang tumayo at ipanalangin ang lahat ng mga gobernador, at kung sinu-sino pa. Kung may mga kahilingan na nais maipanalangin, ipaalam, ipasa agad, dapat na maipasa ’yun, isulat ’yun. Sabihin, “Dito, sa gaging ito, sa pananalangin, isinasama natin sa pananalangin si Kapatid na babaing *Ganito-at-ganoon*, si Kapatid na *Ganito-at-ganoon* na nasa ospital, si *Ganito-at-ganoon*, at si *Ganito-at-ganoon*, at si *Ganito-at-ganoon*. Isama n’yo sila sa inyong pananalangin na ipinapanalangin n’yo. Kapatid na Jones, sige’t maaari mo bang pangunahan kami sa pananalangin. Tumayo na po tayo.” Kita n’yo? Ilapag n’yo ’yun sa entablado. Sabihan n’yo ang mga tao, dapat masanay sila sa ganoon, “Kung may kahilingan kayo na nais n’yong maisama sa pananalangin, ilapag n’yo lamang *dito*, [Kinakatok ni Kapatid na Branham ang pulpito—Pat.] *dito* po.” Huwag pong dun pa lang at pasabi, “Sino pong may kahilingan ngayon, ipaalam n’yo po sa pamamagitan ng. . .” At mangyari ngang, magugulat na lang kayo, may tatayo dun at magsasabi, “Luwalhatiin ang Diyos!” Alam n’yo, at bigla na lang ganun, at di n’yo namamalayan, naka-kalahating oras na pala bago sila makaupo. Kita n’yo?

183 Tayo ang may responsibilidad dito sa iglesya rito, hindi ang iba; responsibilidad natin ito sa Diyos. Itong mga tungkulin na ito ang inyong responsibilidad sa Diyos. Kita n’yo? Ang dahilan kung bakit sinasabi ko ito rito ngayong gabi, sinasabi ang lahat ng ito sa inyo, ay dahil responsibilidad ko naman ito sa Diyos; haya’t ’yang mga ’yan ang responsibilidad ninyo: Ganapin n’yo ito. Kita n’yo?

184 Ngayon, at kapag ganoon po. . . paunang sabihan na ’yung mangunguna sa pananalangin, at kapag nasabi na, mainam na, tawagin na para manguna sa pananalangin, pagkatapos upo na.

185 At kung may espesyal kayong. . . Ngayon, di ko sinasabi ito, na bahala na lang. . . Haya’t kung may gustong mag-alay ng espesyal, ianunsyo ’yun sa iglesya. Sabihin n’yo, na, “Kung may espesyal, o anuman na gustong awitin, makipagkita sila sa tagapanguna ng awitin bago magsimula ang simba.” At gawin n’yo. . . Sabihin, “Buweno, pasensya na, Kapatid, gusto ko man na. . . haya’t ikinalulugod ko po sana nang lubos, pero nakuha ko na—nakuha ko na ’yung mga magi-espesyal para sa gaging ito. Siguro ganito na lang sabihin mo sa akin kung kailan ka uli narito’t aling gabi, isasama ko ’yan sa programa para sa iyo. Kita mo, naisulat na kasi itong programa ko rito.”

186 Tapos—tapos si Kapatid na Capps po o kung sino man na nangunguna sa mga pag-aawitan. . . At mangyaring dapat ay

may tagapanguna kayo sa mga awitan, kahit sino pa 'yan. At huwag n'yong hahayaan na tumayo siya roon at magsasalita nang magsasalita, o magpapatuloy na parang mangangaral na, kita n'yo. Pinapatayo n'yo sila dun at nang sa gayon manguna sa mga pag-aawitan, 'yun lang ang dapat nilang gampanan.

¹⁸⁷ Pastor ang may gampanin na mangaral, kita n'yo, hindi manguna sa awitan. Hindi siya ang mangunguna sa awitan, ang tagapanguna ng awitan ang mangunguna sa pag-aawitan. Yun ang responsibilidad niya, at dapat sa pagsampa niya roon ay napanariwa na siya't puspos ng Espiritu Santo, galing sa isang silid doon, sa kung saan, kapag oras na. Hindi niya kailangang tumayo na agad sa entablado, habang nasa bahagi pang ito ng gawain. Doon lang siya sa silid doon, kita n'yo, o sa likod dito, o kung saan, ito pong intercom dito ang hudyat na pupunta na siya, kita n'yo, kapag oras na. Kapag narinig na niya 'yung huling . . . kung espesyal man 'yan, na siguro'y solo, o duet, o kung ano, para sa ikatlo n'yong kanta. Kita n'yo?

¹⁸⁸ Mangyaring may dalawang awitin kayo ng kongregasyon, panalangin, tapos pagkakaloob kung kukunin n'yo na 'yun. At tiyakin n'yo na ang bawat kalalakihan ay nasa nakaatang niya na tungkulin. Sabihin n'yo, "Buweno, habang inaawit natin ang huling awitin na ito, ngayon, kung maaari na po ang mga usher, sila po'y lumapit na rito sa harap para sa pagbibigay ng kaloob para sa gabing ito." Kita n'yo? At kapag tapos na nilang awitin ang awiting 'yun, dito nga tatayo sa tabi ang mga usher. Sabihin, "Sige po, ngayon mananalangin tayo, at sa panalangin para sa kaloob, nais nating alalahanin sina *Ganito-at-ganoon* dito, at si *Ganito-at-ganoon*," basahin n'yo mismo, sige po, sina ganito, sina ganoon. "Sige po, tumayo na ang lahat. Kapatid na lalaki, maaari mo bang pangunahan ang panalangin para sa amin?" Pagkatapos tapos na 'yun.

¹⁸⁹ Pagkatapos kapag inaawit na nila itong ikalawang kanta, o kung anuman 'yun na inaawit n'yo, dapat, bago 'yan, nalikom n'yo na ang kaloob n'yo, kung lilikom kayo ng kaloob. Hinto muna . . . Haya't ipaawit ang unang awit, at pagkatapos likumin 'yung kaloob n'yo para sa gabing 'yun, at pagkatapos dumiretso na kayo sa ikalawa n'yong kanta, at sige't patapusin lang 'yun. Pagkatapos ng huli n'yong awit dito, ang huli n'yo pong awit, kita n'yo, 'yun na 'yung pagtawag sa pastor. At sa pagkaawit na pagkaawit nung huling himno, patugtugin na 'yung organ para sa inyong—inyong—inyong pambungad, pupunta na roon ang pastor. Kita n'yo, nasa ayos ang lahat. Tahimik ang lahat. Walang magsasalita. Bawat diyakono ay nasa nakaatang niya na tungkulin. Tatayo na ang pastor dun.

¹⁹⁰ Sasampa na roon, babatiin ang mga tagapakinig, bubuklat sa kanyang Aklat at magsasabi, "Ngayong gabi, babasa po tayo mula sa Biblia." Kita n'yo, matapos ang ilang pambungad niya,

“Babasa po tayo mula sa Biblia.” At napakainam na bagay po sa tuwina kung sasabihin n’yo, “Bilang paggalang sa Salita ng Diyos, tumayo po tayo habang binabasa natin ang Salita.” Kita n’yo, tapos basahin na, “Ngayong gabi, babasa po ako mula sa Aklat ng Mga Awit,” o kung anuman ’yun. O puwede rin na may isa na magbabasa nun, ’yung tagapanguna ng awitin, o katulungan, sino man dun na kasama n’yo, puwedeng siya ang magbasa nun, o kung ano; kung mainam sa panahon na ’yun na ikaw na mismo ang magbasa, basahin mo. Tapos basahin n’yo nang ganun, tapos kunin n’yo na ang teksto n’yo. Kita n’yo? Sa kabuoang oras nun, gugugol lang kayo ng tatlumpung minuto, tamang-tama’t alas otso na n’yan.

¹⁹¹ At mula alas otso hanggang sa kapat na oras bago mag-alas nuwebe, siguro’y mga tatlumpu at apatnapu’t limang minuto, ilatag mo ang Salitang ’yun dun sa paraan ng pagkakaloob sa iyo Nito ng Espiritu Santo, kita n’yo, sa paraan ngang ’yun, sadya ngang ilatag Ito roon sa paraan na sabihin Niya kung paano ba, kita n’yo, sa ilalim ng pahid.

¹⁹² Pagkatapos magtawag ka para sa pagdulog sa altar, sabihin mo, “Mayroon po kaya rito sa loob ng simbahan na nagnanais na tanggapin si Cristo bilang Tagapagligtas, hinihimok namin kayo, inaanyayahan sa may altar ngayon, tumayo lamang po.” Kita n’yo?

¹⁹³ At kung—at kung walang tatayo, sabihin mo, “Mayroon po kayang desidido rito na magpabautismo, na nakapagsisi na, at nagnanais na mabautismuhan para sa ikapagpapatawad po ng mga kasalanan? Kung nagnanais ang ilan na lumapit, binibigay na namin sa inyo ang pagkakataon ngayon. Maaari na po ba kayong lumapit habang ang organ ay patuloy na tumutugtog?” Kita n’yo?

¹⁹⁴ Kung walang lalapit, sabihin n’yo, “Mayroon po ba rito na nagnanais . . . na di pa nakatatanggap sa bautismo ng Espiritu Santo at naghahangad na makatanggap sa mismong gabling ito, na gusto pong manalangin kami para sa inyo?” Buweno, siguro may lalapit, pagkatapos patungan sila ng dalawa o tatlong mga kamay, ipanalangin sila. Papuntahin n’yo po sila sa isa sa mga silid, sasamahan dapat sila, ituro n’yo sila sa isang lugar kung papaano tutugaygay na mabautismuhan ng Espiritu Santo. Ang kongregasyon po’y nakahiwalay sa kanila sa oras na ’yan.

¹⁹⁵ Kung mayroong lalapit . . . na nagnanais nung oras na ’yun na tumanggap kay Cristo at tatayo roon sa may altar para sila’y maipanalangin, puwede n’yo nang . . . Sabihin n’yo sa mga tao na manalangin sila sa kani-kanilang sarili. At pagkatapos nun, sabihin n’yo, “Sige po’t iyuko n’yo ngayon ang inyong mga ulo, mananalangin po tayo.” At sabihin n’yo, “Sumasampalataya po ba kayo?”

196 At kung may maliliit na bagay na marahil magpapatagal sa kongregasyon sa kung anong paraan, papuntahin n'yo sila sa silid panalanginan, at magpunta po kayo roo't samahan sila, o magpadala kayo ng sasama dun sa kanila. At ipagpatuloy lang 'yung dun sa kongregasyon, kita n'yo, ganoon po, para di n'yo na mapanatili ang karamihan. Kita n'yo?

197 At pagkatapos habang . . . bago ang . . . Sa loob ng—sa loob ng ilang . . . mangyari nang kung sila, sabihin na lang natin, na kung walang lalapit, haya't sabihin n'yo, “Mayroon po ba rito na nagnanais na mapahiran sila ng langis sa gabing ito, para sa kanilang karamdaman? Nananalangin po kami para sa mga may sakit dito.”

198 “Buweno, gusto ko po sanang makipag-usap sa iyo nang pribado, Kapatid na Neville.”

“Buweno, sige't puntahan mo ako sa opisina. Lumapit ka sa isa sa mga diyakono, aasikasuhin nila ito.” Kita n'yo?

“At mayroon po sana akong gustong sabihin sa inyo, Kapatid.”

“Buweno, isa sa mga diyakono rito ang makikipagkita sa iyo sa opisina, at tayo'y . . . Pupuntahan kita agad pagkatapos ng gawain.”

199 “Ngayon, habang tumatayo tayo para sa pagtatapos.” Kita n'yo, at di nga kayo aabutin ng isang oras at apatnapu't limang minuto sa buong kabuoan nun. Kita n'yo? Kita n'yo, isang oras at tatlung minuto lang, tapos na ang gawain n'yo. Nadaos n'yo 'yun na munti't, direkta sa punto; inyong—inyong naibigay ang nararapat para rito; nadaos n'yo 'yun nang . . . at ang lahat ay nasiyahan, at uwi ng tahanan na mainam ang pakiramdam. Kita n'yo? Kung hindi n'yo, hayan nga, kita n'yo, kung sige't hahayaan n'yo lang . . . Kita n'yo, siguro'y mainam ang inyong—inyong—inyong hangarin, kita n'yo, pero kita n'yo . . .

200 Alam n'yo ba, ito'y pang-tatlumpu't tatlong taon ko na rito sa pulpito, tatlung taon, at sa palibot din ng mundo. Talagang may matutunan at matutunanan ka na kung ano sa hinaba-haba ng panahon na 'yun, totoo 'yun. Kita n'yo? Kung wala, mas mabuting huminto na lang kayo. At heto nga, kita n'yo, natuklasan ko: Ngayon, kung ang lahat naman ng naroon ay pawang mga Banal po, siyanga, aba'y magagawa n'yo ngang gumugol nang buong magdamag kung gugustuhin n'yo. Pero kayo nga'y . . . Kita n'yo, hindi naman laging ganoon ang nasa harapan n'yo na inaabot n'yo, may ilan ding iba na dapat mo namang abutin din dito. Heto nga ang iba na dapat mo ring abutin, na kinakailangan mong magsumikap sa kanilang dako. Kita n'yo? At huwag . . . Sige't dalhin mo sila rito at padaluyin mo ang Salita, at pagkatapos, kita n'yo, walang magrereklamo. Kung may mga bagay na gusto nilang makipagkita sa inyo ukol

dun, buweno, mabuti, dalhin n'yo sila sa opisina ng ganoon, pero huwag n'yong patatagalin ang kongregasyon.

²⁰¹ Mangyari nga, alam n'yo, na may mga tao na basta na lang tatayo at magsasabi, “Buweno, sinasabi ko, magkaroon tayo ng isang mainam na pagtitipon ng mga pagpapatotoo.” Kita n'yo? Hindi ko hangad na maging kritiko sa bagay na ito, sinasabi ko lang sa inyo ang Katotohanan. Nararapat sa akin na sabihin sa inyo ang Katotohanan. Kita n'yo? Haya't napapansin ko nga na itong mga pagtitipon para sa mga pagpapatotoo na mistula po na . . . ito'y—ito'y para bang nakakasama pa kaysa sa magdulot sana ng mabuti. Kita n'yo, ganoon nga.

²⁰² Ngayon, kung may isa lang na magbibigay ng maalab at mainit-init na patotoo sa oras ng rebaybal, alam n'yo, habang nagkakaroon kayo ng rebaybal, alam n'yo, sa isang pagtitipon, at 'yung tao'y bago lang siya na naligtas at nagnanais siyang magsabi ng ilang salita, buweno, purihin ang Diyos, siya nga'y bigyan n'yo ng pagkakataon na mailabas niya ang naroon sa kalooban niya. Kita n'yo? Kung siya—kung nagnanais siya—kung nagnanais siya na gawin 'yun, kita n'yo, para sa oras na 'yun ng rebaybal, sabihin, “Gusto ko lang sabihin, ‘Salamat sa Panginoon para sa bagay na ginawa Niya para sa akin.’ Ako'y iniligtas Niya nitong nakaraang linggo lang, at ang puso ko po'y nag-aalab talaga sa kaluwalhatian ng Diyos. Salamat sa Diyos,” tapos maupo na. Amen! Mainam po 'yung ganoon, payagan n'yo. Kita n'yo, mainam 'yun.

²⁰³ Pero kung sasabihin n'yo, “Ngayon sige po. Sinong sunod? Sinong sunod? Ngayon pakinggan natin ang isa pang saloobin, pakinggan natin ang isa pang pagpapatotoo.” Ngayon, kung gusto n'yo ay maglaan kayo ng isang pagtitipon para dun, na isang gabi na para lang dun, kita n'yo, sabihin n'yo: “Ngayong gabi . . . 'yung parating pong Miyerkules ng gabi, sa halip na pagtitipon 'yun para sa pananalangin, 'yun po'y gagawing pagtitipon para sa mga pagpapatotoo. Inaanyayahan po natin ang lahat na magpunta, at 'yun po'y pagtitipon para sa mga pagpapatotoo.” At kapag ang lahat ay naroon na sa—sa gawain na 'yun na magbibigayan ng mga patotoo, basahin ang Salita, manalangin, at pagkatapos ay sabihin, “Ngayon, naanunsyo po na ang gabing ito'y nakalaan sa mga pagpapatotoo.” Kaya sige po't hayaan n'yo ang mga tao na magpatotoo sa loob ng isang oras o apatnapu't limang minuto, o tatlumpung minuto, o kung ano man, at pagkatapos—pagkatapos basta't ganoon po ang gawin. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? At sa palagay ko ay malaking kapakinabangan 'yun sa inyong kongregasyon, malaking kapakinabangan 'yun sa lahat ng bagay, sa lahat, kung sa ganoon pong paraan n'yo ito gagawin.

²⁰⁴ Ngayon, hayan nga't . . . atrasado na po ako, kaya . . . Mga kapatid—mga kapatid, ito nga po'y sa abot ng mainam kong


nalalaman. Yamang nakita ko na kung ano ang nasa inyong puso, ito na po ang abot ng pinaka mainam kong nalalaman sa mga tanong na ito na inyong itinanong. Ngayon, mula ngayon ay alam n'yo na. At kung may katanungan kayo sa isip n'yo, dumulog lang dito sa teyp. Yung tanong n'yo. . . Pakinggan lang po rito sa teyp. Ito po'y para sa mga diyakono, mga katiwala, o kung sino pa, iparinig po ang teyp na ito. Sige po. Iparinig po ito sa kongregasyon diyan kung gusto nilang mapakinggan ito. Sige po. At 'yan—'yan po'y sa abot ng mainam kong nalalaman na kalooban ng Diyos para sa tabernaklulo rito sa Eighth at Penn Street, at sa paraan pong ito ko inatasan kayo na mga kalalakihang kapatid na ganapin ito sa ilalim ng pangunguna ng Espiritu Santo, nang may buong kabutihang-loob at pag-ibig, na ipinapakita ang inyong pagiging kaaya-aya sa harap ng mga tao na kayo'y mga Cristiano. At kapag sinabing *Cristiano* ay di nangangahulugan 'yan na isang paslit na puwede na lang basta maitulak-tulak sa kung saan-saan, ang ibig pong sabihin nito ay “isang tao na puno ng pag-ibig, na anupa't, kung paano siyang napupuno ng pag-ibig para sa Diyos ay ganoon din siya para sa kongregasyon.” Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin?

205 May tanong pa po ba? Malapit nang maubos ang teyp dito, at may naghihintay din sa akin sa isang lugar. Ano bang oras ang sinabi niya na magpupunta siya? [Sumagot si Billy Paul, “Ngayon na mismo.”—Pat.] Ngayon na pala mismo. Mag-isa lang ba siyang pupunta? [Sinababi ni Billy Paul, “Susunduin ko siya.”] Sige. Sige, po.

206 Ngayon, haya't aalis na tayo kung wala na—wala nang iba pang sasabihin. Huh? Ngayon, kung wala na, magtatapos na po tayo. Sige. Ano 'yun, Kapatid na Collins? [Sinababi ni Kapatid na Collins, “Mas mabuti siguro kung papatayin na muna 'yung mga teyp.”—Pat.] Sige. [Blangkong bahagi sa teyp.]

207 Buweno, mga kapatid, ikinalulugod ko nga ang pagparito n'yo sa gabing ito, at kay Kapatid na Neville, at sa mga diyakono, at mga katiwala, at tagapangasiwa ng Sunday school, lahat kayo. Umaasa tayo na kayo ay tutulungan ngayon ng Panginoon para ganapin ang mga pagsasaayos na ito para sa Kaharian ng Diyos. Ang dahilan kung bakit sinabi ko ito ay dahil sa tingin ko'y lumago na kayo mula sa pagiging mga bata at naging nasa gulang na. Noong kayo'y bata pa, nagsalita kayo na parang bata, at ang unawa n'yo ay parang sa bata. Pero ngayon na nagkagulang na kayo ngayon, haya't kumilos na tayo na parang nasa tamang gulang na sa bahay ng Diyos, na wasto ang pagdadala natin sa ating sarili, at ginagalang natin ang ating mga tungkulin, at ginagalang ang bawat tungkulin. Bawat kaloob na ibinigay sa atin ng Panginoon, ay atin ngang ilagay sa pagkakaayos, at parangalan ang Diyos na gamit ang mga kaloob at mga tungkulin nating ito.

Manalangin po tayo.

²⁰⁸ Makalangit na Ama, pinasasalamatan Ka namin sa gabing ito na nagkatipon kami na mga kalalakihan na itinalaga sa mga tungkulin na ito na isakatuparan ang gawain ng Panginoon na inilagay rito sa Jeffersonville sa simbhang ito. Diyos, ang Iyo pong mga kamay ay mapasa kanila, nawa'y tulungan Mo sila at pagpalain sila. Nawa'y maunawaan ng kongregasyon at ng mga tao ito at matanim sa kanila na ito'y para sa ikatitiwasay ng Kaharian ng Diyos, na kami'y maging mga ganap na tao na nakakaunawa at nakikilala ang Espiritu ng Diyos, at alam ang dapat naming gawin. Iyo pong ipagkaloob ito, Ama. Kami po'y pahayuin Mo kamit ang mga pagpapala Mong ito, at nawa ang Espiritu Santo ay magbantay sa amin at gabayan kami, at protektahan kami, at kami nawa'y masumpungang matatapat sa aming nakaatang na tungkulin. Sa Pangalan ni Jesus Cristo, idinadalangin ko ito. Amen. 

PAGSASAAYOS NG IGLESYA TAG63-1226
(Church Order)

PAG-UUGALI, PAGSASAAYOS, AT DOKTRINA NG IGLESYA

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Huwebes ng gabi, Disyembre 26, 1963 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2019 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org